# SA PAGBABAGO

TIM LIWANAG

# SA PAGBABAGO

Copyright © 2022 Tim Liwanag
Smashwords Edition
ISBN: 9781005456498
Lahat ng karapatan ay nakalaan

Larawan sa harap: *Canva*
Disenyo: Tim Liwanag

I-address ang mga katanungan kay:
Tim Liwanag
Official Facebook: https://www.facebook.com/tim.liwanag

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin, iimbak sa isang sistema ng pagkuha, o ipadala sa anumang anyo o sa anumang paraan – electronic, mekanikal, photocopy, recording, o anumang iba pa – maliban sa mga maikling sipi sa mga nakalimbag na pagsusuri, nang walang paunang pahintulot ng may-akda.

Ang lahat ng mga talata ay sinipi mula sa *Ang Salita ng Dios* (ASND)

# MGA NILALAMAN

PASASALAMAT
PAMBUNGAD
MGA BAGAY NA DUMATING
MGA PANAHONG DUMATING
MGA BINAGO
KONKLUSYON
APENDISE 1: SA PASIMULA
APENDISE 2: SA WAKAS
APENDISE 3: A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem
TUNGKOL SA MAY-AKDA

*"Ang mga lumang bagay ay lumipas na… Ang lahat ng mga bagay ay naging bago."*
*~ Pablo, apostol ng Dios para sa inyo*

# PASASALAMAT

*Ama, nagpapasalamat po ako sa tatlong aklat na nailathala — Sa Pasimula, Sa Wakas, at Sa Pagbabago. Ito ay para sa mga kapwa kong naghahanap ng kasagutan tungkol sa mga kaganapan ng mga hula o propesiya ng Biblia mula sa panahon ni Jesus hanggang sa kanyang mga apostol.*

*Nagpapasalamat din ako sa aking pamilya, kapatiran at mga kaibigan na patuloy na nagbigay ng suporta at pag-unawa sa mga panahon na ako'y nakatutok lamang sa pag-aaral, pagsusuri, at pagpagsusulat.*

*Sa lahat ng aking mga walang-sawang mambabasa ng aking mga aklat, maraming salamat po!*

# PAMBUNGAD

Nang banggitin ni Juan ng Patmos ang tungkol sa mga bagay sa hinaharap ay napansin ba ninyo na ang wika ng kanyang mundo at panahon ang ginamit?

> *Pahayag 21:1-2 ASND*
> *Pagkatapos nito, nakita ko ang bagong langit at ang bagong lupa. Naglaho na ang dating langit at lupa, pati na rin ang dagat.*
> *At nakita ko ang Banal na Lungsod, ang bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit galing sa Dios. Ang lungsod na iyon ay tulad ng isang babaeng ikakasal. Handang-handa na, at gayak na gayak sa pagsalubong sa lalaking mapapangasawa niya.*

Dapat gamitin ni Juan ng Patmos ang wika ng kanyang mundo at panahon dahil wala siyang anumang alternatibo para ilarawan ang kalagayan ng mga bagay sa hinaharap. Wala siyang nakitang larawan ng taong 2022 o 2050. Wala siyang nakitang anumang bagay na lampas sa 1000-2000 taon mula noong isulat niya ang Mga Pahayag ni Jesu-Cristo maliban sa pagbabago. Hindi siya gumamit ng mga bagong salita tulad ng pandemya, giyerang nukleyar, kwantum na teknolohiya. Wala siyang nakitang kalagayan na may kaugnayan sa Amerika, Tsina, Ukraina at Rusiya.

Ibig sabihin, ang tanging mga larawan na pamilyar sa kanyang mga tagapakinig o mambabasa ang kanyang binigyan ng pansin, pananaw o pangitain dahil ang mga mangyayari sa '**Panahon ng Pagbabago'** ay may naunang paglalalarawan na sa kanilang 'Dating Kalagayan' (Pahayag 21:4).

Sa 'Dating Kalagayan' ay may tinatawag na 'Unang Langit' ['Dating Langit'] at 'Unang Lupa' ['Dating Lupa']. Naroon din ang 'Dagat' na wala na sa panahon ng 'Bagong Langit' at 'Bagong Lupa' (Pahayag 21:1). Ang 'Dating Jerusalem' ay anino na lamang ng 'Bagong Jerusalem' (Pahayag 21:2).

Kaya, ang mga interpretasyon tungkol sa 'Panahon ng Pagbabago' ay pag-aralan natin.

Una sa interpretasyon ay ang tungkol sa 'Mga Bagay na Darating' ngunit naging **'Mga Bagay na Dumating'**:

> *Juan 16:13 ASND*
> *Pero pagdating ng Banal na Espiritu na siyang tagapagturo ng katotohanan, tutulungan niya kayo para maintindihan n'yo ang lahat ng katotohanan. Ang ituturo niya ay hindi galing sa kanya; sasabihin niya kung ano lang ang narinig niya at ipapahayag din niya sa inyo ang tungkol sa mga bagay na darating.*

Pangalawa, alamin din natin ang interpretasyon ng 'Mga Panahong Darating' na naging **'Mga Panahong Dumating'**:

*Efeso 2:7 ASND*
*Ginawa niya ito para maipakita niya sa lahat, sa darating na panahon, ang hindi mapapantayang kasaganaan ng biyaya niya at kabutihan na ibinigay niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus.*

Mula sa dalawang interpretasyon ng 'Pagdating ng Pagbabago' ay papasadahan din natin ang 'Mga Dating Kalagayan' bago ito nawalan ng bisa sa 'Wakas ng Panahon'. Dahil ang 'Mga Dating Kalagayan' ay lumipas na, tatawagin din natin itong 'Mga Dating Bagay' ayon sa sinabi ni Apostol Pablo (2 Corinto 5:17).

Kung bukas ang ating isip para sa tinutukoy na hinaharap ng mga nakay Cristo Jesus noong unang siglo ay makikita natin ang kalagayan sa mga panahong iyon. Ang kapalaran din ng Jerusalem at Roma *"na mangyayari sa lalong madaling panahon"* (Pahayag 1:1) ay nahayag sa kanilang mga lingkod ng Diyos.

Ang pangatlong interpretasyon ay tumutukoy sa **'Mga Binago'**:

*Pahayag 21:5 ASND*
*At sinabi ng nakaupo sa trono, "Binabago ko na ngayon ang lahat ng bagay!" At sinabi niya sa akin, "Isulat mo ang sinasabi ko dahil totoo ito at maaasahan."*

Nagsilipas na ang 'Mga Dating Bagay' na hinulaang mawawala kaya sa 'Panahon ng Pagbabago' ay ipapakita rin natin sa *biblical* at lohikal na paraan ang mga konseptong unti-unting pinawawalang-bisa.

Hinihikayat ko kayo na basahin muna ang dalawang munting aklat na *Sa Pasimula* at *Sa Wakas* na nasa Internet Archive upang mas maging malinaw ang aklat na ito.

# MGA BAGAY NA DUMATING

*Juan 16:13 ASND*
*Pero pagdating ng Banal na Espiritu na siyang tagapagturo ng katotohanan, tutulungan niya kayo para maintindihan n'yo ang lahat ng katotohanan. Ang itututuro niya ay hindi galing sa kanya; sasabihin niya kung ano lang ang narinig niya at ipapahayag din niya sa inyo ang tungkol sa mga bagay na darating.*

Ang 'Mga Bagay na Darating' na sinasabi ni Jesus sa aklat ni Juan ay ang mga hula o propesiya na ipapahayag ng Banal na Espiritu sa mga tagasunod niya sa panahon ng 'Mga Huling Araw' (Mga Gawa 2:17-18). Kung maaalala ninyo ang sinabi ni Jesus sa kanila na darating ang panahon na hindi na talinghaga ang maririnig nila kundi malinaw na mga salita, ang mga kahulugan ng mga talinghagang iyon ay ipapahayag sa kanila bilang **'Mga Bagay na Dumating'** dahil ang mga iyon ay ang katotohanan tungkol sa 'Katuparan ng Lahat' (Mateo 24:34; Lucas 21:32; Juan 16:12-15, 25).

Ibig sabihin, ang 'Mga Bagay na Dumating' ay iniuugnay sa 'Katuparan ng Mga Hula' kung kailan naganap:

1. Ang Paghahari ng Diyos
2. Ang Pagbuhos ng Mga Biyaya
3. Ang Paglitaw ng Mga Anticristo
4. Ang Mga Pag-uusig sa Mga Nakay Cristo
5. Ang Mga Paghihirap
6. Ang Pagtalikod sa Pananampalataya
7. Ang Kapunuan ng Mga Gentil
8. Ang Pagbabalik ni Jesu-Cristo
9. Ang Kaligtasan ng Israel
10. Ang Pagbabago
11. Ang Parusa ng Diyos
12. Ang Pagkahulog ng Jerusalem
13. Ang Paglitaw at Kamatayan ng Suwail
14. Ang Paglipol sa lahat ng Mga Kapangyarihan
15. Ang Pagpuksa kay Satanas

Kaya ang 'Katuparan ng Mga Hula' ay may kaugnayan din sa 'Katuparan ng Mga Panahon' ['Itinakdang Panahon'] o 'Kaganapan ng Lahat' nang ang mga mensahe ng Diyos ay nakumpleto na at ang lahat ay ipinasailalim sa pangalan at kapangyarihan ni Jesus upang ang Kaharian ng Diyos ay maghari sa lahat noong unang siglo (Marcos 1:15; Efeso 3:15; Colosas 1:25).

Ang mga 'Mga Bagay na Darating' bilang **'Mga Bagay na Dumating'** ay ang 'Kaganapan ng Lahat' sa bansang Israel. Ito ay naglalaman ng mga pangyayari mula nang sakupin sila ng

Imperyo ng Roma hanggang sa wasakin ang Templo ng Jerusalem na pinamumunuan ng mga Herodes (Mateo 24; Lucas 21:20-24).

Kung babasahin natin ang lahat ng ito ayon sa wika nina Jesus at mga apostol at ayon sa panahon ng Pangalawang Templo sa Jerusalem ay maaaring makamtan natin ang kaunawaan tungkol sa 'Katuparan ng Mga Hula' tungo sa 'Panahon ng Pagbabago',

## KATUPARAN NG MGA HULA

Ang mabangis na pagsasamahan ng 'Dalawang Sungay ng Halimaw' [na sina Herodes Antipas, hari ng Judea-Israel at Pilato, gobernador ng Roma], mga pinuno ng mga Judio at Gentil, laban kay Jesus na pinili ng Diyos na maging Hari ng Jerusalem-Judea [Hari ng Israel] ang isa sa mga nagpatunay na ang 'Katuparan ng Mga Hula' ay nagaganap na.

> *Mga Gawa 4:26-27*
> *Ang mga hari at mga pinuno sa mundo ay nagsama-sama,*
> *at nagsipaghanda sa pakikipaglaban sa Panginoon,*
> *at sa kanyang Cristo.'*
> *Natupad na ngayon ang sinabi ninyo noon, dahil dito mismo sa Jerusalem, ang mga Judio at hindi Judio, pati si Haring Herodes at si Gobernador Pilato, ay nagkaisang kalabanin ang inyong banal na lingkod na si Jesus na inyong pinili na maging Hari.*

Ang samahang nagsimula sa paniniwala na si Jesus ang Mesiyas ay tila huminto dahil sa nasaksihan nilang traumatikong kamatayan niya sa krus. Kahit na ang pag-asa nila na si Jesus mismo ang *"magpapalaya sa Israel mula sa kamay ng mga taga-Roma"* (Lucas 24:21) ay panandaliang nanamlay, ngunit hindi rin nagtagal ay nabuhayan sila ng loob dahil may nagpabago sa kanilang pananaw nang makita nilang si Jesus ay buhay sa harapan nila — ito ang tinatawag na muling pagkabuhay. Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay nagdulot ng ibang pananaw sa pagkaunawa nila sa Mesiyas. Dahil dito, pinagtibay ang paniniwala nila na si Jesus nga ang Anak ng Diyos.

Napakabilis na kumalat sa mga tagasunod ni Jesus ang balita na buhay ang Mesiyas, ngunit ang anyo ng kanilang samahan ay nag-uumpisa pa lamang bilang isang sekta sa loob ng Judaismo. Kaya ang tanging sinusundan nilang mga hula tungkol sa Mesiyas ay galing sa relihiyon ng mga Judio. Ang inaasahan nilang magpapalaya sa kanila ay ang pagdating ng Kaharian ng Diyos sa lupa.

***Ang Paghahari ng Diyos.*** Ang katuparan ng Kaharian ng Diyos ay ang mabuting balita ni Jesus. Ang "kaharian" [pamamahala o paghahari] ng Diyos ay aktuwal na dumating sa mga Judio [bayan ng Israel] at nang maglaon ay sa mga Gentil din [di-Judio/lahat ng mga bansa] (Mga Gawa 3:13-26, 13: 16-52; Roma 1:16).

Kung susundan ng mga tagasunod ni Jesus ang tungkol sa Mesiyas na mula sa Judaismo ay lalabas na hinahangad lamang nilang mapalaya sila sa mananakop na mga Romano. Na nangangailangan sila ng kanilang Tagapagligtas na magiging Hari ng Israel dahil sa mga

kahirapan na nararanasan nila. Na isa lamang sila sa mga kilusan na nag-aalsa laban sa mga mapang-abusong pamamalakad ng mga Emperador ng Roma at mga Herodes.

Ngunit kung ang pagkakakilala nila sa Mesiyas ay nagmula lamang sa mga pari sa Templo ni Herodes ay nakalakihan na nila ang tradisyong may mga tagapagturo silang may kinikilingan. Sa mahabang panahon ay naririnig na nila sa mga sinagoga na ang Mesiyas ay hinamak, binugbog, pinahirapan, itinakwil, tinalikuran, pinarusahan ng Diyos na parang tupang ligaw na kinatay lamang at itinapon sa libingan ng mga kriminal (Isaias 53:1-11). Tila ba itinatanim sa mga isip nila na mula sa Banal na Kasulatan ang tadhana ng Mesiyas ay kamatayan lamang para sa bayang makasalanan dahil walang kapangyarihan at kakayahan na palayain ang sarili sa pagkaalipin. Ganito ang mga naririnig nilang kwento at iyon ang hudyat na sila'y nasa 'Mga Huling Araw' na.

Kaya, nang dumating ang 'Pagbuhos ng Mga Biyaya' sa pamamagitan ng Banal na Espiritu naalala ng mga tagasunod ni Jesus ang mga turo niya na iba sa nakagawiang turo ng mga pari sa Templo at mga guro sa mga sinagoga. Natandaan nila nang ipahayag ni Jesus na ang kaharian ng Diyos ay 'malapit na', hindi ito 'darating pa lang' mula sa hinaharap patungo sa kasalukuyan nilang panahon, kundi ito ay mula sa langit hanggang sa lupa. Ibig sabihin, ang 'Paghahari ng Diyos' ay tungkol sa katuparan ng Kalooban ng Diyos (Mateo 6:10).

Nang sabihin ni Jesus, *"Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Diyos"* (Marcos 1:15), naalala nila na ang ibig niyang sabihin ay *"Dumating na ang Paghahari ng Diyos!"*

Gaya sa panahon ni Juan Bautista nang unang ipahayag ang Ebanghelyo ng Kaharian, ang mga Judio ay naghihintay na sa katuparan ng matagal nang ipinangakong 'Kaharian ni David' na itatatag magpakailanman (2 Samuel 7:16). Nang marinig ng mga Judio si Juan na ipinangangaral ito, *"Ang Kaharian ng Langit ay malapit na"* (Mateo 3:2), marami sa mga tagaroon sa Judea ay *"nagdagsaan ng napakaraming bilang upang marinig ang salita, at tila nakahandang tanggapin ang mga doktrina ng Ebanghelyo, at ang mga ordinansa nito; sila'y isa't isang nagpupumilit na marinig ito"* (Lucas 16:16).

Noong panahong iyon, ipinakilala ni Juan si Jesus bilang "ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan" (Juan 1:29) at bilang "Anak ng Diyos," siya ang tanging makapagbabautismo "sa Espiritu Santo at sa apoy" (Mateo 3:11; Marcos 1:8-9; Lucas 3:16; Juan 1:33-34). Mayroon ding pahayag mula kay Andres, kapatid ni Simon Pedro, na nagpapahayag tungkol kay Jesus bilang "Mesiyas" [Cristo] (Juan 1:41). Pagkatapos nito, ang pagkakakilala nila sa katayuan ni Jesus sa mga Judio na *"isang tunay na Israelita, na sa kaniya'y walang daya"* (Juan 1:47). Si Natanael mismo ang malinaw na nagpahayag kay Jesus bilang *"Anak ng Diyos...ang Hari ng Israel"* (Juan 1:49). Nasaksihan nilang lahat mula sa mga pagpapahayag na ito na ang tungkulin ni Jesus bilang Tagapagligtas/Manunubos ay malapit na nauugnay sa kanyang banal na katungkulan bilang Cristo na uupo sa kanyang trono (Mga Gawa 2:22).

Gayundin naman ang mensahe na natanggap ni Apostol Pablo na Kalooban ng Diyos na mauna munang kilalanin ng mga Judio si Jesus bilang Tagapagligtas at Hari ng Israel at ang may-akda ng batas sa Kaharian ng Diyos (1 Corinto 9:21; Galacia 6:2). Masigasig na nangaral

siya *"sa mga Judio... at... sa mga Griego, [tungkol sa] pagsisisi sa Diyos, at pananampalataya sa Panginoong Jesus,"* na nagpapatotoo sa Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos at ng Kaharian ng Diyos — ito ang buong payo ng Diyos (Mga Gawa 20:21-27).

Napatunayan ng mga tagasunod ni Jesus na ang 'Kaligtasan ng Israel' ay nakatali sa pangangaral ng 'Ebanghelyo ng Kaharian'.

May iba pang mga kumpirmasyon tungkol sa pagdating ng paghahari ni Jesus. Bago ang ministeryo ni Juan Bautista, ang mensahero ng Panginoon, na si Gabriel, ay ipinhayag na kay Maria ang tungkol sa kanyang anak na si Jesus na *"Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Dios. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Dios ang trono ng ninuno niyang si David. Maghahari siya sa mga lahi ni Jacob magpakailanman; ang paghahari niya ay walang katapusan"* (Lucas 1:32-33).

Noong mga araw ni Herodes na Dakila, ang mga pantas ay nagpatotoo din tungkol kay Jesus *"na ipinanganak na Hari ng mga Judio"* (Mateo 2:1-2). Maging ang lahat ng mga punong saserdote at mga eskriba ng mga tao na tinawag ni Herodes upang hanapin ang lugar ng kapanganakan ni Jesus ay nagpahayag na mula sa Betlehem ng Judea ay lalabas ang isang Gobernador, *"na siyang magiging Tagapamahala sa Israel"* ( Mikas 5:2; Mateo 2:6).

Kaya, ang pangunahing tanong ngayon ay: Idineklara ba ni Jesus ang kanyang sarili bilang Hari ng Israel sa 'Panahon ng Pagbabago'?

Nagbigay si Jesus ng higit na katibayan kaysa sa inaasahan ng mga Judio tungkol sa Mesiyas bilang isang darating na Hari mula sa lahi ni David (Mateo 11:5; Lucas 7:22). Ngunit upang masagot ang pangunahing tanong sa itaas, ilagay natin dito ang sipi kung saan ipinakita ni Jesus na inangkin nga niya sa kanyang sarili ang pagiging Hari ng Israel.

Narito ang sagot ni Jesus kay Pilato tungkol sa kanyang pagkahari:

> *Juan 18:37 ASND*
> *Tama ang sinabi mo na isa akong hari. At ang dahilan kung bakit ako ipinanganak at naparito sa mundo ay upang ipahayag ang katotohanan. At ang lahat ng gustong makaalam ng katotohanan ay nakikinig sa akin.*

Sa kanyang tugon sa tanong ni Pilato na *"Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?"* (Juan 18:33) ay ipinahayag na ni Jesus ang katuparan ng lahat ng mga propesiya sa Lumang Tipan sa paghahari ng Mesiyas. Sa katunayan, iginiit niya na ang matagal nang ipinangakong 'Hari ng Israel' ay nagpakita nang personal at si Pilato ay nakatingin sa kanya nang harapan.

Higit sa lahat, naintindihan din ng mga tagasunod ni Jesus ang kaugnayan ng Mesiyas sa makapangyarihang 'Kaharian ni David' pagkatapos ng muling pagkabuhay niya. Na sa panahon ng 'Bautismo ng kanyang Banal na Espiritu' sa Pentecostes ay inihayag na ang ganap na maluwalhating kalagayan ni Jesus bilang Hari ng Israel. Na dumating na ang katapusan ng panahon ng pang-aalipin sa mga Judio ng mga dayuhang Romano at mga Herodes sa Templo ng Jerusalem.

***Ang Pagbuhos ng Mga Biyaya.*** Dahil kilala ang 'Mga Huling Araw' bilang 'Araw ng Mesiyas' ay alam din ng mga Judio ang tungkol sa 'Pagbuhos ng Mga Biyaya' [propesiya, kaalaman, atbp] sa mga Israelita na nakay Cristo. Ang 'Mga Biyaya' ay tinawag ding 'Bautismo ng Banal na Espiritu' at ito ay isa sa mga paraan kung paano ipinaaalam ng Diyos ang kanyang kalooban noong unang panahon.

Sa ganitong panahon din binigyan ng kapangyarihan ang 'Dalawang Saksi' na lumitaw na nakasuot ng sako at tumutugma ito sa panahon na naging mga saksi ang mga apostol, na binigyan din ng kapangyarihan upang ipahayag ang panahon ng pagluluksa at pagsisisi sa maling gawain (Lucas 24:47-48; Pahayag 11:3).

Nang magpakita ng 'kapangyarihan' [ang mga apostol, propeta, atbp] na nagmumula sa Banal na Espiritu (Mga Gawa 2:17; Mateo 23:34) bilang mga boses ng Diyos at katotohan laban sa kasinungalingan ng mga pari na nasa Pangalawang Templo sa Jerusalem ay nagsalita sila ng "mga wika [nila] tungkol sa mga kamangha-manghang ginawa ng Diyos" (Mga Gawa 2:11). Pinatunayan din nila ang mensahe ng Diyos sa pamamagitan ng mga himala at mga kamangha-manghang gawa (Mga Gawa 2:43, 5:12-16).

Ngunit sa pagbuhos ng 'Mga Biyaya' sa mga apostol at dahil na rin sa mga kamangha-manghang ginawa ng Diyos sa kanila ay kinainggitan naman iyon ng punong pari at sekta ng Saduceo kaya sila dinakip, ipinakulong, dinala sa Korte at hindi pinayagang mangaral tungkol kay Jesus; dito na nagsilitawan ang mga anticristo (1 Juan 2:18).

***Ang Paglitaw ng Mga Anticristo.*** Dahil sa nagsilabasan na ang mga anticristo sa mga panahon ng pagbuhos ng 'Mga Biyaya' sa mga tagasunod ni Jesus ay malinaw na nasa 'Huling Oras' na sila at ang 'Kaganapan ng Lahat' para sa pagpapahayag ng mensahe ng Diyos ay hahamunin at sisirain ng mga sinungaling na namumuno sa Sanhedrin, sa Templo at sa kanilang mga sinagoga.

Ang labanan sa 'Huling Oras' ay labanan ng katotohanan at kasinungalingan, mga nakay Cristo Jesus laban sa mga anticristo, mga tunay na apostol at propeta laban sa mga huwad, at ang 'Iglesya ng Diyos' laban sa mga 'Sinagoga ni Satanas'. Ibig sabihin ay dumating na ang 'Katuparan ng Mga Hula' ni Jesus na ang 'mga pinili ng Diyos' [nakatanggap ng 'Mga Biyaya ng Banal na Espiritu'] ay makakaharap na ang *"mga di tunay na Cristo at mga huwad na propeta"* (Mateo 24:24), na babala rin ni Apostol Pedro tungkol sa mga huwad na guro na mula sa kanilang grupo (2 Pedro 2:1) ay walang kinaibahan sa mga taong suwail (2 Pedro 3:17).

Mabuti na lamang at may ginawang mga tagabantay ang Banal na Espiritu [ang mga namumuno sa Iglesya o mga obispo] laban sa mga ganid na tagapagturo (Mga Gawa 20:28-30). Kaya, ayon din kay Apostol Pablo, *"nananatiling matibay ang saligang itinatag ng Dios"* (2 Timoteo 2:19).

Sa Pahayag ni Jesus kay Juan ng Patmos tungkol sa labanang ito:

*Pahayag 13:10 ASND*

*Ang sinumang itinakdang dakpin ay dadakpin. At ang sinumang itinakdang mamatay sa espada ay mamamatay sa espada. Kaya ang mga pinabanal ng Dios ay kailangang maging matiisin at matatag sa kanilang pananampalataya.*

Hindi lamang iyon, naghahari na ang 'Dalawang Sungay ng Halimaw' sa panahong may kinalaman sa mga pag-uusig at pagpatay sa mga nakay Cristo Jesus na walang iba kundi ang mga Herodes at mga gobernador ng Roma na pinanggalingan ng kapangyarihan ng mga namumuno sa Sanhedrin (Lucas 20:20, 23:7-12; Pahayag 20:4).

***Ang Pag-uusig sa Mga Nakay Cristo.*** Nakatitiyak ang mga tagasunod ni Jesus na ang 'Mga Panahon ng Pag-uusig' sa 'mga pinili ng Diyos' [mga pinabal] ay natupad na rin dahil sa paglitaw ng mga anticristo sa Jerusalem.

Naranasan ng mga nakay Cristo Jesus ang ibig sabihin ng salitang "pag-uusig" na tumutukoy sa mga agresibong panliligalig at sinasadyang pagmamaltrato sa kanila, na mga salitang pang-aabuso at mga akusasyon na hinarap nila sa mga sinagoga at mga Korte ng mga Judio, mga paglilitis na may panghihiya at pambubugbog, paghagupit, pagpapatalsik mula sa lungsod ng Jerusalem kung saan naroroon ang Pangalawang Templo ni Herodes, hanggang umabot sa mga ligal na pagpatay o pagbitay ng ilan sa kanila.

Ang mga apostol na sina Pedro at Juan ay inaresto at ikinulong ng mga pari, mga Saduceo, at kapitan ng Templo sa Jerusalem. Dinala sila sa Sanhedrin at sinabihang huwag ipakalat ang ebanghelyo sa pangalan ni Jesus. Ang mga apostol ay muling inaresto at pinarusahan ng pampublikong paghagupit dahil sa paulit-ulit nilang mensahe. Si Esteban naman ay hindi tinigilan hanggang napatay.

Bago nakilalang Pablo, si Saulo naman ay isa sa mga mang-uusig na sumuporta sa mga pagpatay. Sa mga pag-uusig na ito ay nagkawatak-watak na ang mga tagasunod ni Jesus sa Judea at Samaria (Mga Gawa 8:1-2), ang ilan ay tumakas mula sa Jerusalem hanggang makarating pa sa Syria. Kilala si Saulo noon na humahabol sa kanila ngunit nang maging Kristiyano siya sa Damascus ay tumigil sandali ang mga pagpatay. Bilang si Pablo na apostol naman, siya rin ang pinag-uusig ni Haring Aretas at ng mga Judio. Minsan ay tumakas siya sa Cesarea at sumakay ng barko patungong Tarsus, ngunit ang pag-uusig sa Antioc ay nagpatuloy.

Dahil napagkamalang bagong kilusan o sekta ng mga Judio ang mga tagasunod ni Jesus sa bansag na Kristiyano ay isinumbong sila; nagkaroon ng pagalit na kaganapan sa pagitan ng mga Judio at mga mahistrado ng Roma. Ang gulo ng mga Judio sa kanilang mga sinagoga rin ay naging dahilan upang ipagbawal ni Emperador Claudius ang mga pagtitipon.

Pinigilan din ni Herodes Agripa I ang mga Kristiyano na magtipon sa Roma kaya nadamay din sila sa utos. Nang maging hari ng mga Judio sa Judea si Agripa I ay siya rin mismo ang nagpatuloy ng mga pag-uusig, nagpapatay kay Santiago at nagpahuli kay Pedro.

Sa kasunduan ng mga Herodes at mga Romanong gobernador na Romanisahin ang Judea ay nagpatuloy ang paglabag sa mga kinaugalian ng mga Judio at ang pagpapakilala ng mga dayuhang gawi mula sa mga Gentil ay naging simula ng malalaking kasamaan. Lalong naging

mahirap ang mga pamumuhay ng mga Judio nang hiniling ng ilang mga Emperador ng Roma na sambahin sila bilang mga diyos sa lupa.

Lumaganap pang lalo ang kasamaan nang ihayag ang utos na *"papatayin ang lahat ng ayaw sumamba sa imahen ng Halimaw"* (Pahayag 13:15).

***Ang Mga Paghihirap.*** Sa Lumang Tipan, ang mga tumalikod kay Jesus ay ibinulid sa mga kaguluhan at 'Matinding Paghihirap' [dalamhati]; ang "mga kasamaan" ay dumating sa kanila (Deuteronomio 31:16-19; Hukom 2:11-13; 2 Cronica 29:6-9). Sa kanyang propesiya, ang pagkawasak ng Jerusalem ay magiging isang panahon na walang katulad ang kapighatian (Mateo 24:21, 29; Juan 16:33; Pahayag 2:10, 25).

Ang mga paghihirap: digmaan, taggutom, mga salot, at paglindol ay nangyaring lahat (Mateo 24:6-8). Kapag sinundan natin ang mga kaganapan simula sa 'Pagbuhos ng Mga Biyaya' hanggang sa 'Pagpuksa kay Satanas' ay makikita natin sa mga pangyayari na natupad ang lahat ng mga hula o propesiya.

Isa sa mga pinakasikat na imahe ng digmaan na madalas na binabanggit mula sa Pahayag 6:2-8 ay ang apat na mangangabayo. Sa kabayong puti na ang sakay nito ay naglalayong manakop ay sumisimbolo sa pag-aalsa ng mga makabayang Judio lalo na ang mga Zelote na matapang na lumalaban sa mga sundalo ng Roma. Ang mga pag-aalsa ng mga Judio laban sa Roma ay nagdulot ng digmaan noong 66-73 AD. Isa sa mga dahilan kung bakit nagsimula ito ay nang kinuha ni Gesyus Florus na Romanong prokurador ang kayamanan ng Templo dahil sa utos ni Nero Cesar at pinagpapapatay ang mga Judio na kumalaban sa kanila. Bilang ganti, hindi naman ipinagpatuloy ni Eleazar na gobernador ng Templo ang mga nakaugaliang sakripisyo para sa Emperador. Nang mapaalis si Florus sa Jerusalem ay pinalayas naman ng mga Zelote ang mga sundalong Romano sa buong Judea at noon ay naging isang soberanong estado muli ito. Nang umatras ang mga Romano sa Jerusalem ay naipit sila sa makikitid na lambak at doon ay nagtagumpay ang mga Zelote nang pinaulanan ng mga palaso ang mga nahuli.

Sa kabayong pula naman ay nakikilala ang mukha ng Roma na naghahanap ng kabayaran pagkatapos ng kanilang nakakahiyang pagkatalo — isang madugong digmaan. Ang pagkakataon ng Roma na magpakitang muli ng kanilang puwersa ay nang dumating sila sa mga pader ng Jerusalem bago pa matapos ang taon ng 66 AD. Nang paligiran ng hukbo ng Roma ang Jerusalem ay hudyat na naman ng katuparan ng hula na nalalapit na ang pagkawasak nito (Lucas 21:20). Ang kanilang kalamangan para manalo sa digmaan ay nangyari nang maglaban ang dalawang kampo ng mga rebelde na pinangungunahan nila Juan ng Galilea at Simon bar Giora. Ang dalawang panig ay nag-aaway sa loob ng Jerusalem sa loob ng mahigit isang taon, kaya nagpasya si Vespasian na hayaan ang dalawa na magpatayan at magpahina sa isa't isa hanggang sa maglunsad ng pagkubkob sa Jerusalem.

Ang dalawang kabayo pa na may kulay abo at itim ay tumutukoy sa taggutom at kamatayan dahil sa mga kakulangan sa pagkain na dulot ng labanan ng dalawang pangkat ng mga rebelde para sa pagkontrol ng Jerusalem noong 69 AD. Pagkaraan ng ilang lingo, kasama na sa pagpapahirap ang mga Romanong hukbo na nakabantay sa mga pader ng Jerusalem. Kaya't hindi

lamang kagutuman ang naranasan ng mga Judio, kundi nakita rin ng mga nasa loob ang nalalapit nilang kamatayan.

Tungkol sa iba pang kahirapan ay hindi na kailangang lumabas pa sa Biblia para malaman ito. Binanggit ni Agabus ang isang malaking taggutom sa panahon ng paghahari ni Claudius Cesar noong 41-54 AD (Mga Gawa 11:28). Karaniwang kasama rin ang mga salot sa mga panahon ng taggutom.

Simula 6-66 AD, ang paghahari ng mga Romanong gobernador at prokurador na kasama ang mga Herodes ay sobrang nakapagpalala sa pamumuhay ng mga Judio at mga naunang Kristiyano. Mas pinalala ang kagutuman nang ideklara na *"...ang sinumang ayaw magpatatak ng pangalan o numero ng unang halimaw ay hindi maaaring bumili o magbenta"* (Pahayag 13:17).

Kung sasabihin sa kanila na kailangang bilangin ang numero, binibilang nga nila ito. Kung sasabihin sa kanila na kapag walang tatak ay *"hindi maaaring bumili o magbenta,"* ito ay nagsasangkot ng kalakalan. Ang mga barya ng mga Emperador at mga Herodes ay naging isang malaking problema sa kalakalan mula 6-66 AD dahil naglalaman ito ng mga imahe na kasuklam-suklam at ipinagbabawal sa mga Judio. Ngunit bago pa sila muling nasakop, ang mga pamahalaang Judio na naitatag ng mga rebelde ay may sariling ginawang barya na. Isa rito ang barya na may nakatatak na "Herut Zion" [Kalayaan para sa Zion (Jerusalem)] na hindi maaaring gamitin ng mga Judio sa pakikipagkalakalan sa Roma.

Noong panahong ginawa ang mga baryang ito, natalo ng mga rebeldeng Judio ang mga puwersang Romano sa rehiyon at sinakop ang malaking bahagi ng Israel, kabilang ang Jerusalem, na bumuo ng panandaliang pamahalaan na gumawa ng sarili nitong mga barya. Noong 70 AD, nang gumawa ng kontra-atake ang mga Romano ay nagresulta ito sa pagbawi ng Jerusalem at pagkasira sa Templo.

Sa mga lindol naman bago pa ang pagkahulog ng Jerusalem, binanggit ng mga manunulat sa kasaysayan na nagkaroon ng mga lindol sa Creta, Smirna, Miletus, Chios, Samos, Laodicea, Hierapolis, Colosas, Campania, Roma, at Judea. Lubhang napinsala ng isang lindol ang lungsod ng Pompeya noong 63 AD.

***Ang Pagtalikod sa Pananampalataya.*** Ang mga barya na hawak ng mga Judio ay maaaring magbigay ng mga pahiwatig sa mga pag-aalsa, ngunit ito rin ay may kinalaman sa kanilang pagpapatuloy sa pananampalataya sa Judaismo. Ang mga simbolo at sawikain sa mga barya ng mga Judio sa kanilang pag-aalsa laban sa Roma ay nagpapahayag ng kanilang mga layunin: 1) ang kalayaan sa pulitika ng dayuhan, 2) ang kalayaan ng Jerusalem mula sa pananakop ng Roma, at 3) ang panibagong panahon ng pagsamba sa Templo sa 'Bagong Jerusalem'.

Kaya bago pa dumating ang panahon ng pagtalikod sa pananampalataya, nagpaalala na si Pablo na ito ay *"huling paghihimagsik ng mga tao sa Dios"* (2 Tesalonica 2:3) — ang tinutukoy dito ay ang mga Judio na walang pananampalataya sa katotohanan. Pinaalalahanan na noong una pa ang mga tagasunod ni Jesus na, gaya kay Judas, ay may mga *"taong itinakdang mapahamak para matupad ang Kasulatan"* (Juan 17:12).

Ang mga Judio nga kasi ay naghahanap ng makabayang Mesiyas, upang palayain sila mula sa kapangyarihan ng Roma at para maibalik ang kaharian ni David (Juan 12:34; 6:15). Dahil ang pagnanais para sa isang politikal na Mesiyas ay napakalaking pag-asa para sa mga Judio, marami ang nanamantala rito bilang isang paraan para sa katanyagan at kapangyarihan.

Kahit pa ang mga Herodes na mga namumuno na sa lupain ng Judea na may mga kinalaman na sa pagsasaayos ng Pangalawang Templo at pangongolekta ng mga buwis, hindi pa rin nila sinunod ang pagbabawal ng Judaismo sa mga larawang inukit sa mga barya (Exodus 20:3; Leviticus 26:1). Pinapayagan nila ang mga imahe ng Emperador ng Roma na maiukit, ganoon din sa mga imahe nina Herodes Agripa I at kanyang anak na si Agripa II. May mga simbolo rin ng mga pagano at imahe ng mga diosdiosan na iniukit.

Iniuugnay naman ni Pablo ang "pagtalikod" na ito sa 'Mga Huling Panahon' (1 Timoteo 4:1-2). Sa sarili niyang mga salita, tinukoy ni Pablo ang sanhi ng apostasiya: 1) *"mga espiritung mapang-akit"* at 2) *"mga doktrina ng mga demonyo."* Napetsahan pa nga ni Pablo ang presensya ng mga "mapang-akit" na ito sa 'Mga Huling Araw' ng kanilang apostolikong kapanahunan na patungo sa 'Katapusan' ng Jerusalem mula sa pagdating ng kanilang *"kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus"* (2 Timoteo 3:15).

Kung babalikan natin ang saysay ng 'Pagbuhos ng Mga Biyaya' sa mga Judio ay para ito sa 'Kaligtasan ng Israel' dahil sila ang unang pinili na magising sa katotohanan bago pa nila tinanggihan si Jesus. Tandaan din na ang Diyos ay nagpakita ng awa sa bansang Israel at nagligtas ng 'kakaunti' (Roma 9:27) bago pa nagkaroon ng lubos na pagkawasak ng Jerusalem noong 70 AD. Dahil sa kanilang patuloy na hindi pagkilala kay Jesus ay inalis sa mga Judio ang 'Paghahari ng Diyos' (Mateo 21:43) at ang 'Pagbuhos ng Mga Biyaya' ay ibinigay din sa mga Gentil (Mga Gawa 10:45).

Dahil ang Kristiyanismo ay pinaniniwalaan ng ilan na isang sekta lamang sa loob ng Judaismo ay hindi agad nakitaan ng administrasyon ng Roma ng anumang pagkakaiba sa dalawa. Ang pagkakaalam naman ng mga Judio tungkol sa pagdating ng 'Panahon ng Mesiyas' ay pagtitibayin lamang nito ang inaakala nilang "walang hanggang tipan" kay Moises. Kaya, ang mga apostol, gaya ni Santiago, ay mas kilala pa rin na mga tagasunod sa relihiyon ng mga Judio noong una dahil sumasamba pa rin sila sa Pangalawang Templo ng Jerusalem.

Ngunit nagbago ang lahat dahil sa pagtatanong ng mga Kristiyanong Gentil sa patuloy na pagkakapit ng mga Kristiyanong Judio sa 'Kautusan ni Moises' [Mosaismo] at sa kontrobersya sa pagtutuli na ginagawa ng mga Judaizero. Nagkaroon ng malaking pagtatalo rito (Mga Gawa 15:2). Dahil sa pananaw ng mga Judaizero, ang mga pagsisikap ni Pablo bilang misyonero sa mga Gentil, kung hindi masusugpo, ay maglalagay sa panganib sa katayuan ng mga Judio sa bansang Roma.

Hindi rin nakapagtataka na may mga Kristiyanong Gentil na, gaya ni Demas, nang-iwan kay Pablo dahil mas mahal nila ang "mga bagay sa mundo" (2 Timoteo 4:10). Ang "masamang mundo" na tinutukoy ni Pablo na mas minahal ng mga tumalikod kay Cristo Jesus ay nagtuturo ng Judaismo (Galacia 1:4, 13-14). At habang nakatayo pa ang Pangalawang Templo ni Herodes

ay bukas pa rin ang pinto ng "masamang mundo" na binasagan nila noong mga panahon na iyon na Babilonia (Pahayag 14:8).

Dahil obligasyon para sa mga Judio na suportahan ang Templo sa Jerusalem at mga gawain doon sa pamamagitan ng mga buwis ay naging laman din ng diskusyon ang mga hawak nilang mga barya noon. Na kapag ang hawak na mga barya ay mula sa mga pinapayagan ng mga namumuno, hindi na tatanungin pa ang kanilang katapatan sa relihiyon dahil ginagamit ang mga ito na pambayad ng buwis para sa Templo at sa mga pari. Ngunit naging simbolo rin ng kasamaan at pagtalikod sa pananampalataya ang mga barya dahil ang mga buwis na pinaghirapan ay hindi na pala napupunta sa Templo ng Jerusalem, kundi pampondo sa digmaan at sa mga proyekto ng mga Herodes at mga Emperador ng Roma. Hindi nagtagal, ang mga imahe ng mga Emperador sa mga barya ay pinapalitan ng tatak ng mga nagpoprotestang Judio dahil para sa kanila kasuklam-suklam ang mga iyon. Isa ito sa mga bunga ng pag-aalsa na kumukwestyon sa pamamahala ng Sanhedrin at mga punong pari sa Templo ng Jerusalem at buong Judea.

Sa kabila naman nito, ang Ebanghelyo ng Kaharian at Biyaya ay ipinangaral ng mga tagasunod ni Jesus sa lahat ng tao sa kilalang mundo noon bago pa ang pagkawasak ng Jerusalem (Roma 10:18; Colosas 1:23).

***Ang Kapunuan ng Mga Gentil.*** Ang 'Mga Panahon ng mga Gentil' ay nangangahulugan na ang mga Judio ay pinarusahan ng "pitong ulit" sa ilalim ng kapangyarihan ng mga mananakop na dayuhan dahil sa kanilang pagsuway sa mga utos ng Diyos at sa kanyang Tipan. Nang patigasin ng mga Judio ang kanilang mga puso, tumanggap sila ng "pitong ulit pa" na mga parusa, ibig sabihin, pitong beses na mas mahirap kaysa sa naunang itinakda na parusa — ang 'Napakatinding Kapighatian' na hindi pa nararanasan mula nang likhain ang mundo ng Israel (Mateo 24:21). Ipinahayag din ni Jesus na ang lungsod ng Jerusalem ay *"yayapakan ng mga Gentil;"* kaya, ang tumalikod na mga Judio ay makakaranas ng mga pagdurusa *"hanggang sa maganap ang mga panahon ng mga Gentil"* (Lucas 21:24).

Ang 'Kapunuan ng mga Gentil' naman ay tumutukoy sa panahon na ang mga Gentil ay tinawag mula sa mga paganong bansa upang mapabilang sa 'Isang Katawan ni Cristo' —ito ay nangangahulugan na ang kaligtasan mula sa mga mapang-aliping Imperyo at mga taong diosdiosan ay dumating na sa mga hindi Judio (Roma 11:11; 1 Corinto 7:23, 12:13).

***Ang Pagbabalik ni Jesus.*** Ang isa sa mga huling bagay na sinabi ni Jesus sa mga Judio ay ang pagdating ng pagkawasak ng Templo at ang paghatol sa Jerusalem sa kanilang panahon (Mateo 23:36-39). Ngunit hindi ito tungkol sa 'Pagbabalik ni Jesus' dahil ang alam ng mga alagad niya ay nasa harap na nila ang Hari na magtatag ng 'Bagong Jerusalem' (Juan 6:15, Lucas 24:21).

Kaya, ang 'Pagbabalik ni Jesus' ay iniuugnay sa 'Anak ng Tao' na magbabalik (Mateo 10:23, 16:28, 24:30):

1. Sa panahon ng pag-uusig
2. Sa panahon ng paghihinagpis ng mga tao
3. Sa panahon ng kanyang paghahari [sa Israel/Judea]

Ang mga bagay na binanggit tungkol sa 'Pagbabalik ni Jesus' ay may kaugnayan lahat sa 'tanda ng Anak ng Tao sa langit' —*"dumarating na mula sa ulap na taglay ang kapangyarihan at kaluwalhatian"* (Mateo 24:30).

Pansinin ito: ang 'tanda ng Anak ng tao sa langit' at ang 'Anak ng tao na dumarating na mula sa ulap' [na taglay ang kapangyarihan at kaluwalhatian] ay mga kasabihan.

Sa Biblia rin natin malalaman ang mga kahulugan nito:

1. Ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nagpakita sa ulap (Exodus 16:10)
2. Lumapit ang Panginoon kay Moises sa isang makapal na ulap (Exodus 19:9)
3. Tinawag ng Panginoon si Moises mula sa gitna ng ulap (Exodus 24:16)
4. Ang Panginoon ay bumaba sa ulap (Exodus 34:5)
5. Umalis ang Panginoon kasama ang kanyang ulap. (Bilang 12:10)
6. Tinatakpan ng Panginoon ang mukha ng kanyang trono, inilatag ang kanyang ulap sa ibabaw nito. (Job 26:9)
7. Inilatag ng Panginoon ang mga ulap upang hatulan ang mga tao (Job 36:29)
8. Ikinalat ng Panginoon ang matingkad na ulap, at ipinaparating ito [mangyari] para sa pagtutuwid [kaparusahan], para sa kanyang lupain, o para sa awa (Job 37:11-13)
9. Ang mga ulap at kadiliman ng Panginoon ay kumakatawan sa katuwiran at paghatol (Mga Awit 97:2)
10. Ang kalapitan ng Panginoon ay araw ng mga ulap; ang panahon ng mga pagano [isang panahon ng kapahamakan para sa mga bansa] (Ezekiel 30:3)
11. Ang pag-akyat at pagdating ng Panginoon na parang ulap upang takpan ang lupain ay nangangahulugan na ang kanyang pagdating ay magiging parang bagyo, ibig sabihin, kasama ang mga hukbo at maraming tao (Ezekiel 38:9)
12. Ang pagdating ng Panginoon na parang ulap laban sa kanyang bayan ng Israel ay sa mga huling araw (Ezekiel 38:16)

Tumutugma ang 'Pagbabalik ni Jesus' sa kasabihan na 'Araw ng Panginoon' dahil ang 'tanda ng Anak ng Tao sa langit' ay tiyak na isang "tanda" ng 'Poot ng Panginoon' laban sa mga suwail na Judio (Pahayag 1:7).

Ibig sabihin, ang Panginoong Jesus [bilang 'Anak ng Tao'] ay nagbigay ng katibayan sa kanyang sarili na hindi nila kinilala noon: bilang patunay, hindi sa anumang nakikitang anyo, kundi sa paghihiganti at paghatol na nakikita, na ang lahat ng mga lipi sa lupa ay mapipilitang kilalanin siya sa anyo ng Tagapaghiganti. Hindi siya kinilala ng mga Judio noon, ngunit kinilala din nila siya sa 'Takdang Panahon'. Maraming beses silang humingi sa kanya ng isang tanda, kaya isang tanda rin ang nagpatunay sa kanila na siya ang Mesiyas na kanilang hinamak, tinuya, at ipinako sa krus— kaya, ang 'tanda ng Anak ng Tao sa langit' ay kanyang paghayag ng makatarungang paghuhukom (Roma 2:5).

Ang malinaw na kahulugan ng 'Pagbabalik ni Jesus' ay ang pagkawasak ng Jerusalem noong 70 AD, isang hudyat na pagpapakita ng kapangyarihan at kaluwalhatian ni Jesus, na ang panahong iyon ay pagdadalamhati ng mga tribong Judio dahil hindi nila kinilala siya bilang Mesiyas o Cristo at binalewala ang kanyang babalang mensahe.

***Ang Kaligtasan ng Israel.*** Ang 'Pagdating ni Jesus' noong unang siglo ay katuparan ng pagdalaw ng Tagapagligtas sa Jerusalem [Zion] (Mateo 1:21; Hebreo 13:20). Natupad ang kaligtasan ng Israel dahil nangako ang Panginoon na aalalahanin ang kanyang Banal na Tipan. Ang 'Araw ng Pag-alaala' na ito ay inihayag sa propesiya ni Zacarias, ang simula ng katuparan nito (Lucas 1:68-75).

Nang isulat ni Pablo na *"maliligtas ang buong Israel"* (Roma 11:26), ang ibig niyang sabihin talaga ay *"kakaunti lang sa kanila ang maliligtas"* (Roma 9:27) dahil sila ang *"mga natitira pang mga Israelita na tapat sa Dios"* (Roma 11:5).

Tila ang ibig sabihin ni Pablo tungkol sa kaligtasan ay tumutugma sa sinabi ni Jesus na *"ang mga nasa Judea ay dapat nang tumakas papunta sa kabundukan, at ang mga nasa Jerusalem ay kailangang umalis agad"* (Lucas 21:21). Dahil sa paniniwala ng mga Judio na naging tagasunod ni Jesus na wawasakin ang Jerusalem ay maaaring ang nasa isip nila ay hindi lang kaligtasan sa kasalanan o sa mga maling aral ng Judaismo, kundi kaligtasan din sa digmaan na nalalapit na. Hindi nakapagtataka na may kakaunting mga Judio na nakay Cristo Jesus ang nakatakas sa pagkawasak ng Jerusalem noon at ang mga Judio na di-naniniwala sa kanya ang mga naiwan at namatay.

***Ang Muling Pagkabuhay at Pagbabago.*** Alam ng mga tagasunod ni Jesus na tinanggap niya ang *"lahat ng kapangyarihan"* nang siya ay muling nabuhay mula sa mga patay (Mateo 28:18; Roma 1:4). Siya ay nakitang buhay ng higit sa 500 na kanyang mga piniling kakaunti nang sabay-sabay (1 Corinto 15:4-8). Sa kanyang pagpapakita pagkatapos niyang mamatay at mabuhay muli, nagsalita rin siya sa kanila tungkol sa 'Paghahari ng Diyos' (Mga Gawa 1:3). Mula sa sandaling iyon ang lahat ay tungkol na sa Kaharian ng Diyos, hindi sa pagpapanumbalik ng kaharian ni David sa Israel, kundi sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Higit pa roon, ang kanilang pokus sa Kaharian ay nakasentro kay Jesus dahil silang lahat ay magiging mga saksi para sa 'Muling Nabuhay na Cristo' simula *"sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo"* ng kanilang panahon.

Alalahanin natin sa puntong ito na ang Ebanghelyo ng Kaharian ay *"ipangangaral sa buong mundo [nila] upang malaman ng lahat ng tao"* (Mateo 24:14). Ito ang misyon ng mga tagasunod ni Jesus, hindi ang maghintay ng isang makalupang kaharian o ang magtatag nito. Ang kanilang gawain ay ang magpatotoo sa 'Kapangyarihan ni Jesus' at ang pananampalataya rito ang mag-aalis sa mga tao mula sa kamatayan tungo sa buhay (Roma 1:2-6).

Nagpakita si Jesus sa 'Mga Huling Araw' ng panahon ng Lumang Tipan ng Israel. Naging pag-asa sa kanila na ang lahat ng nakakita [nakilala] at naniwala sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan at silang lahat ay *"babangon sa huling araw"* (Juan 6:39-40). Siya ay nagpropesiya din na sa 'Huling Araw' ay darating ang paghuhukom sa mga tumanggi sa kanya at sa kanyang mga salita (Juan 12:48).

***Ang Parusa ng Diyos.*** Ang 'Parusa ng Diyos' ay sinaunang kasabihan na iniuugnay sa 'Poot ng Diyos' na ipinapataw sa mga nagtakwil sa kanya at sumuway sa kanyang Kasunduan. Ibig sabihin, darating ang panahon na ang mga nagtakwil sa Diyos ay makararanas ng kapahamakan

at kahirapan dahil sa kanilang kasamaan. Ang mga suwail ay naghahanap ng presensya ng Diyos ngunit, ang totoo, ang kanyang kawalan ang kanilang nararamdaman (Deuteronomio 16-18).

Kapag bibigyang-pansin ang mga pag-aalsa ng mga Judio laban sa Roma at ang kaugnayan nito sa pagtanggap sa 'Tatak ng Halimaw' hanggang sa digmaan na nagdulot ng pagkawasak ng Jerusalem ay maaaring dito na naganap ang tinatawag nilang 'Parusa ng Diyos' at ang pagkakasunod-sunod na pagbuhos ng pitong sisidlan ng 'Poot ng Diyos' (Pahayag 16:1-2).

Mula nang dumating ang mga Romano hanggang sa pag-aalsa ng mga Judio sa Judea ay nagpatuloy ang mga Herodes at mga gobernador ng Roma sa kanilang sariling interes sa Jerusalem at sa mga gawain ng Templo. Utang ng mga Herodes ang kanilang mga korona [titulo] at posisyon sa mga Emperador ng Roma. Kahit namamagitan ang mga Herodes sa mga komunidad ng mga Judio at mga Gentil, mas pinapaboran ng mga ito ang mga Judio lalo na ang mga nasa labas ng Judea dahil hindi sila gaanong nakikialam sa mga kaganapan sa Templo ng Jerusalem. Ngunit ang pamumuno ng mga Herodes ay laging nahaharap sa mga kontrobersya na nagmumula sa mga mayayaman na Judio at sa mga Gentil na nag-uusisa sa kung saan napupunta ang kanilang mga buwis. Para sa mga Judio, ang buwis nila ay dapat ginagamit sa pagsasaayos ng Templo ng Jerusalem, sa mga gawain doon at sa mga sinagoga. Para sa mga Gentil naman, ang buwis nila ay dapat napupunta sa mga proyekto ng Roma at sa mga templo nito. Hindi nagtagal, ang kapayapaan at kaunlaran na pinananatili ng mga Herodes at mga Romanong gobernador ay nakatagpo ng mga rebeldeng taga-Galilea na kinukwestyon ang paghahari ng mga dayuhan sa kanilang lupain. Para sa mga taga-Galilea, Diyos lang ang dapat maghari sa kanilang lahat.

Sa pangunguna ng mga taga-Galilea ay nagsimula ang mga pag-aalsa laban sa mga Herodes at sa mga pinuno ng Roma. Ang mga rebeldeng taga-Galilea na pinangunahan ni Judas ay nagsimula ng pag-aalsa laban sa sensus dahil ito ay pagpapailalim sa mga dayuhan at panghihimasok sa kanilang talaangkanan (Mga Gawa 5:37). Iniuugnay din sa paghihimagsik na ito si Jesus, pati ang kanyang mga tagasunod na mga taga-Galilea rin, na pinararatangang nagbabawal na magbayad ng buwis ['Tatak ng Halimaw'] sa Emperador (Lucas 23:2). Na ang mga rebeldeng taga-Galilea rin mismo ang binansagang mga Zelote dahil sa kanilang makabayang kilusan na naghahangad ng kalayaan laban sa mga dayuhang maniniil. Ang ilan sa mga Zelote na tinatawag nilang Sikarii ay hindi natatakot sa kamatayan at makipagpatayan sa mga hukbo ng samahan ng 'Dalawang Sungay ng Halimaw' at sa mga elitistang Judio na nakikinabang sa kanilang mga posisyon sa kapangyarihan.

Kaya, isang katuparan ng propesiya ang mga pag-aalsa ng mga Judio na tila naging mga sugat sa katawan, na ang isang bahagi [mga elitistang traydor sa bayan na sumasamba sa mga dayuhang mapaniil] ay pahirap at pasakit (Pahayag 16:2). Na ang kabulukan ng mga pera ng mga sakim na mayayaman na nararapat lang sana para sa pasahod ng mga manggagawa ay di-mapakikinabangan dahil nalalapit na ang 'Katapusan ng Mundo' ng mga Herodes at Romanong gobernador na kanilang pinauunlad (Santiago 5:1-6). Na ang panawagan na maging malaya ay nagdulot ng mga patayan at digmaan sa loob at labas ng Judea, nagdanak ng dugo sa Lawa ng Galilea hanggang sa Ilog ng Jordan. Ang ilan sa mga tagasunod ni Jesus, na mga pinabanal at mga propeta, ay hindi rin nakaligtas sa mga pagpatay ng mga Romano (Pahayag 16:3-5; 17:6). Na ang pagkakahati-hati ng mga Judio at ang labanan ng mga Judio at mga Gentil ay mga tanda

na nasa 'Mga Huling Araw' na sila (Marcos 13:12). Na ang mga mababang pari rin, sa pangunguna ni Eleazar, na namuno sa pagpapahinto ng mga sakripisyo o alay para sa mga Emperador ng Roma ay pinagsarhan ang mataas na kaparian sa Templo at nasakop din nila ang mababang bahagi ng Jerusalem.

Na ang Galilea at Jerusalem mismo ang pinagmulan ng mga pag-aalsa at digmaan ay isa pa ring katuparan ng hula (Pahayag 16:8-16). Naganap doon ang Armagedon, hindi lang dahil nasa ibaba ng Galilea ang Megido, kundi nasa rehiyon din ang kuta ng mga Zelote kung saan nagsimulang durugin ni Heneral Vespasian ang himagsikan bago pa nangyari ang pagkawasak ng Jerusalem. Sa Galilea na 'Trono ng Halimaw' ng mga Herodes, kung saan unang naging gobernador si Herodes na Dakila at nakilala si Jesus bilang propeta hanggang sa maghari roon si Herodes Antipas, ay maaaring binalot ng kadiliman dahil sa pagpatay sa mga propetang nagtuturo ng katotohan at kalayaan doon. Mas lalong naghari pa ang kasamaan sa panahon ng mag-amang Herodes Agripa I at Agripa II na ang tingin sa kanilang mga sarili ay diyos at Mesiyas ng mga Judio. Ngunit nang malala na ang pag-aaklas ng ilang mga Judio at hindi na rin mapigilan ang mga makabayang Zelote ay nakipag-alyansa si Herodes Agripa II kina Heneral Vespasian at Tito para tuluyan nang puksain ang mga tinatawag nilang rebelde. Ito ang mukha ng tatlong masasamang espiritu na parang mga palaka na sumakop at nanunog sa buong Galilea at Jerusalem hanggang sa malipol nila ang mga Zelote noon.

Nang dumating ang mga pwersa ng mga Romano at Herodes sa Jerusalem ay nakita nila ang mga pinagpapapatay ng mga Edomita na kakampi ng mga Zelote, ngunit hindi na nila naabutan ang mga iyon. Mga patay na ordinaryong Judio, pati na rin ang mga bangkay ng matataas na pari ay nadatnan doon. Napaligiran nila ang mga pader sa Jerusalem at Templo kaya hindi rin nakalabas ang mga Zelote at ibang paksyon pa roon. Nang naglaban-laban din ang mga natitirang rebelde para sa pamumuno sa Templo ay lalong humina ang kanilang kakayahan na labanan pa ang mga sundalo ng Roma. Sa pitong buwan na pagkubkob, hindi nakaalis sa lungsod ang mga Judio; maraming namatay sa gutom doon at ang karamihan pa ay nagkasakit at nangamatay din dahil sa mga bangkay na nagkalat.

Pagsapit ng Agosto 70 AD, napasok ng mga Romano ang huling depensa ng mga rebelde at minasaker ang mga natitirang Judio roon. Sinira rin nila ang Pangalawang Templo sa Jerusalem.

***Ang Pagkahulog ng Jerusalem.*** Ang pagbagsak ng Jerusalem ay isang malagamim na trahedya sa kasaysayan ng mga Judio. Nang lumusob ang mga Romano sa lungsod ay Pista ng Paskuwa; kaya ang lungsod sa panahong iyon ay puno ng mga tao. Sa naganap na pagkubkob ng Jerusalem ay 1,100,000 ang mga namatay at 97,000 ang mga nabihag. Lubhang nagdusa ang mga Judio sa mga pangyayari.

Sinubukan ni Tito na gumawa ng mga kondisyon ng kapayapaan at pansamantalang itinigil ang paglusob ngunit naghinala ang mga Judio, inisip nila na ito ay isang bitag at hindi sila naniwala sa mga Romano na magpapatawad. Si Josephus, na isa sa mga pinuno ng mga rebeldeng Judio na nabihag, ay naging tagapamagitan sa mga naglalaban ngunit walang naayos na kapayapaan.

Kung titingnan natin ang Aklat ng Apocalipsis, makikita natin na ang "Babilonia" ay inilalarawan bilang isang dakilang lungsod (Pahayag 14:8; 16:19; 18:10, 21). Ngayon, kung hahanapin natin ang ilang koneksyon o pagkakahawig ng dalawang lungsod, sasabihin sa atin ng Aklat ni Isaias:

> *Isaias 1:21 ASND*
> *Tingnan ninyo ang lungsod ng Jerusalem. Matapat ito noon, pero ngayo'y para nang babaeng bayaran. Dati'y mga taong matuwid ang mga nakatira rito, pero ngayon ay mga mamamatay-tao.*

> At, sa *Pahayag 17:5 ASND:*
> *Nakasulat sa noo niya ang pangalang ito na may lihim na kahulugan: "Ang sikat na lungsod ng Babilonia, ang ina ng lahat ng babaeng bayaran at ng lahat ng kasamaan sa buong mundo."*

Nilinaw ng Biblia na ang Babilonia at Jerusalem ay magkasing-uri, puno ng mga kasuklam-suklam at kasamaan. Kaya, sa anyo ng isang sikat na babaeng bayaran, ang unang-siglong Jerusalem ay inilarawan bilang *"ina ng lahat ng kasamaan"* na nararapat na parusahan hanggang sa *"walang maiiwan sa kanya... at susunugin [pa] ang matitira"* (Pahayag 17:1, 16).

Nangyari ang mga nakasulat sa Apocalipsis. Halos walang natirang buhay sa lungsod at ang buong Templo ay napuno pa ng dugo at mga bangkay. Ang kagustuhan ni Tito ay sumuko na ang mga natitirang Judio ngunit hindi naman nila ginusto. Kaya ipinag-utos ng heneral na sunugin at samsamin na ang ibang bahagi ng lungsod. Ang ibabang lungsod ay nasamsam na at nasunog sa digmaang sibil kaya itinakda ng mga Romano na sakupin na ang itaas na lungsod. Ang itaas na lungsod ay puno rin ng mga bangkay na pinatay sa pamamagitan ng kagutuman at pinapatay din ng mga Zelote ang sinumang nagpaplanong tumakas. Kahit sa huling sandali ng Jerusalem ay may bentahan pa rin, ang mga tumakas ay ibinebenta bilang mga alipin, ngunit wala talagang may gusto sa kanila; maliit man o walang pera ang naging kabayaran para sa kanila.

Ang mga nakikita ng mga Romano ay pinapatay nilang lahat. Sinusugod din nila ang mga kabahayan ngunit iniiwan lang dahil sa masamang amoy ng mga patay sa loob. Pagkatapos ay sinisilaban na nila. Sinabi din ni Josephus na sa sobrang dami ng dugo sa mga lugar ay napapatay pa nito ang apoy. Ang ilang mga Judio, kasama ang mga pinuno ng mga Zelote na sina Simon at Juan, ay tumakas patungo sa mga yungib sa ilalim ng lupa.

Hinanap pa ng mga Romano ang mga nasa yungib at pinatay din ang mga natagpuan nila. Si Juan ay dinala nila at hinatulan ng panghabang-buhay na pagkabilanggo at si Simon ay dinala sa Roma upang patayin.

97,000 na mga bihag, 1,100,000 ang mga pinatay; karamihan sa kanila ay hindi mga mamamayan ng Jerusalem ngunit naparoon para sa Pista ng Paskuwa. Maaaring may hanggang 3 milyong tao sa lungsod noon sa pagsisimula ng digmaan.

***Ang Paglitaw at Kamatayan ng Suwail.*** Nang mangyari na sa mga Judio ang pagtalikod sa pananampalataya at paghihimagsik ay nakaranas pa rin sila ng pagkakataon para sa kapayapaan

sa ilalim ng isang tagapamagitan. Ang taong aktibong nagsikap na panatilihin ang kapayapaan sa pagitan ng mga Romano at mga Judio ay si Herodes Agripa II.

Bago pa sumiklab ang Unang Paghihimagsik ng mga Judio, binigyan ni Emperador Claudius si Agripa II ng karapatan para sa pangangalaga ng Templo sa Jerusalem at sa mga kabang-yaman nito, kasama rito ang karapatang humirang ng mga mataas na pari. Ang kapangyarihan at kaharian niya ay unti-unting lumaki dahil sa pagiging kaibigan niya ng mga Emperador (2 Tesalonica 2:3-4).

Nang sumiklab ang Unang Paghihimagsik ng mga Judio, pumanig si Agripa II sa mga Romano. Noong 70 AD, nagpadala siya ng 2,000 sundalo, mga pumapana at mga nangangabayo, bilang suporta sa mag-amang Heneral Vespasian at Tito sa pananakop sa Jerusalem.

Tungkol naman sa "bilang ng halimaw" at ang katuparan nito sa panahon ni Agripa II, nailabas na sa merkado noon pang 66 AD ito, sa ika-6 na taon niya bilang hari. Matatagpuan ito sa barya ni Agripa II na may tatak na *ETOYC AI TOY KAI* at *monogram* na na ang katumbas ay 6. Ang katumbas naman ng *ETOYC AI TOY KAI* sa Greek Beta Code system ay 660 [300+60+0+0+300+0]. Ang kabuuan, siyempre, ng [660] + [6] = 666 [anim na raan at animnapu't anim].

Ang ideya sa imahe ng titulong 'Suwail' ay ang pagiging masamang tao, na ang kasalanan niya ay tanghalin ang kanyang sarili bilang diyos. Ang mismong sagisag ng 'Suwail' ay katampalasanan at kapahamakan dahil siya ay mandaraya. Ang 6 ay nagpapakita ng koneksyon sa hayop/laman na nilikha sa ika-6 na araw. Nasa pagkatao ni Agripa II ang pagiging 'Suwail' dahil nang ang mga operasyong militar ng Roma ay nakarating na sa puso ng Judea, ang hari ay nawala at tila nananatili sa malayo sa panahon ng pagkahulog ng Jerusalem at pagkawasak ng Templo (2 Tesalonica 2:6-7).

Si Agripa II ay hindi sumama sa Roma para sa opisyal na pagdiriwang ng tagumpay ni Tito, ngunit nakarating doon pagkalipas ng limang taon. Mula sa 'relihiyosong' hari patungo sa pagiging Suwail at masamang kaaway, si Agripa II mismo ang tumulong sa pagsira at pagkamatay ng mga Judio. Siya ay namuno sa halos lahat ng lupain ng Israel —maliban sa isang probinsya na ninanais niya mula pa noong simula ng kanyang karera sa pulitika, ang Judea. Bagaman ang mga pangyayari sa kanyang pagkamatay ay nananatiling lihim, ang kanyang kaharian naman ay nabuwag.

***Ang Paglipol sa Lahat ng Mga Kapangyarihan***. Ang 'Itinakdang Panahon' o 'Katuparan ng Mga Panahon' ay panahon ng pagpapasailalim ng lahat ng mga makapangyarihan kay Jesus (Efeso 1:10). Kung tatanggapin natin na lilipulin ng Diyos ang mga paring namumuno sa Templo, kasama na ang mga pinuno ng Sanhedrin at mga mapanirang mga guro sa sinagoga na tinutukoy ni Pablo ay masusunod na ang konteksto ng 'Katapusan ng Lahat ng Mga Kapangyarihan' sa ilalim ng Lumang Tipan.

Ibig sabihin, kikilalanin ng lahat [sasambahin] ng mga Judio at mga pinuno ng Templo ng Jerusalem ang pangalan at kapangyarihan ni Jesus:

*Filipos 2:9-11 ASND*
*Kaya naman itinaas siyang lubos ng Dios at binigyan ng titulong higit sa lahat ng titulo, upang ang lahat ng nasa langit at lupa, at nasa ilalim ng lupa ay luluhod sa pagsamba sa kanya.*
*At kikilalanin ng lahat na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikapupuri ng Dios Ama.*

Kaya, nagkaroon ng 'Pagbabago' sa sistema ng pagkapari at Kautusan para sa mga mananampalataya sa Kasunduan ng Diyos at Tao (Hebreo 7:12). Anumang bagay sa 'Dating Kasunduan' kay Moises ay 'Lumipas Na' at, para kay Pablo, wala nang halaga ito sa kanyang kasalukuyang panahon (Hebreo 8:13).

Ang lahat ng mga kasamaan [masasamang mga turo at mga gawa] na nagmumula sa mga namamahala sa Pangalawang Templo ng Jerusalem ay nagwakas nang wasakin ito ng mga Zelote at mga Romano noong 70 AD.

Ang kapangyarihan ng Lumang Tipan ay tinanggal na sa krus pa lamang, ngunit hangga't nakatayo ang Templo sa Jerusalem ay magpapatuloy pa rin ang mga pari at ang mga tao sa kanilang negosyo sa relihiyon na parang walang nangyari. Kaya, sa pamamagitan ng hukbong Romano, "pinatag ng Diyos" ang Templo at winasak ang Jerusalem kasama ng mga talaan ng talaangkanan ng mga paring Judio para hindi na ito magpatuloy.

***Ang Pagpuksa kay Satanas.*** Sa kanilang paghahari, ang mga Herodes ay lubos na umaasa sa utos ng mga Emperador ng Roma. Ang mga Cesar ay ang mga soberano ng Judea-Israel. Bilang mga nagpapakilalang mga pinuno ng mga Judio na itinalaga ng mga Emperador, ang mga Herodes ay walang alinlangang nagpapailalim sa mga Cesar, kaya sa tradisyon nila *"ang sinumang nagsasabing hari siya ay kaaway ng Emperador"* (Juan 19:12).

Dahil ang mga Herodes ay walang karapatan na ipahayag ang kanilang sarili bilang "Hari ng mga Judio," hindi kataka-taka na paminsan-minsan ay naglalayon silang pasayahin ang mga Romano sa anumang paraan.

Malinaw na ang mga Herodes at ang kanilang mga alipores [mga Pariseo, Herodiano, mga punong pari, Saduceo, mga di-mananampalataya na mga Judio/Apostata Israel/Babilonia-Jerusalem] ay nagtatrabahong kasama ni Satanas [mga Emperador ng Roma] noong unang siglo.

Kaya, sa likod ni Herodes Agripa II na isang traydor ay may isang Nero Cesar na nagpapasya para sa katayuan ng mga Judio, na pinawawalang-bisa ang kanilang mga pribilehiyo kapag nag-aaklas, at utak pa sa pangunguha sa kabang-yaman ng Templo at pagpatay sa mga pag-aalsa.

Tungkol naman sa "bilang ng halimaw" at ang kaugnayan nito sa pangalan ni Nero Cesar, na sa Hebreo ay *nrwn qsr* at ang katumbas nito na makakalkula ay 50 + 200 + 6 + 50 + 100 + 60 + 200 = 666. Hindi nagkataon na may 'Dalawang Sungay ng Halimaw' na naging simbolo rin ng Hari ng mga Judio at Emperador ng Roma na sina Herodes Agripa II at Nero Cesar ay lumalabas na maging katibayan ng "bilang ng halimaw" sa panahon ng kapahamakan.

Ngunit sa kabila ng kanyang kabangisan, imbes na harapin ang parusang kamatayan matapos siyang ideklara ng senado ng Roma na kaaway ng estado, si Nero ay nagpakamatay noong 68 AD. Nag-iwan ito ng isang napakalaking butas sa kapangyarihan ng Roma upang ito ay bumagsak. Ika nga sa orakulo ng Sibyl, si Nero bilang hari ay naging paraan ng 'Paghihiganti ng Diyos' sa pagwasak ng Roma (*Orakulo V*, 138, 365).

# MGA PANAHONG DUMATING

*Efeso 2:7 ASND*
*Ginawa niya ito para maipakita niya sa lahat, sa darating na panahon, ang hindi mapapantayang kasaganaan ng biyaya niya at kabutihan na ibinigay niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus.*

May kaugnayan sa pagtatapos ng hula, pangako, at layunin ng Diyos para sa Judea-Israel ang tinatawag na 'Mga Panahong Darating'. Ngunit tatawagin natin itong **'Mga Panahong Dumating'** dahil nangyari na, sa ganitong diwa, ang 'Kaganapan ng Lahat' —ang katuparan ng mga propesiya sa kasaysayan ng mga Judio. Upang maunawaan ang prinsipyong ito, gamitin natin ang mga konseptong ito ng panahon: "kahapon" [nakaraan], "ngayon" [kasalukuyan], at "bukas" [hinaharap], ngunit bibigyan natin ng pokus ito sa kasaysayan ng mga Judio nang dumating at napatay ang Mesiyas hanggang sa tinatawag nila na "pagbabalik" sa 'Wakas ng Panahon'.

## KAGANAPAN NG LAHAT

Sa 'Kaganapan ng Lahat' (Efeso 1:10), ang 'Plano ng Diyos' ay nakatakdang matupad. Na sa 'Katuparan ng Mga Panahon' ang 'mga salita ng hula [propesiya]' ay magaganap na mula sa 'Langit' hanggang sa 'Lupa' ayon sa Kalooban ng Diyos (Mateo 6:10). Na sa 'Mga Panahong Dumating' ay makita rin ang 'Katapatan ng Diyos' sa kanyang mga pangako. Na sa pamanagitan ng Espiritu ng Katotohanan ang "Mga Bagay na Dumating' na ay ipinahayag sa mga tagasunod ni Jesus sa 'Takdang Panahon' (Juan 16:13).

Alalahanin na ang mga Israelita o ang mga Judio ang unang tumanggap ng mga pangako, hula, at mga tipan tungkol sa Mesiyas (Roma 9:3-5). Kaya, kung tinatanggihan ng mga Israelita o Judio si Cristo Jesus ay tinatanggihan din nila ang mga propesiya at pahayag para sa kanilang kaligtasan noong 'Katuparan ng Mga Panahon'.

Kung alam nating iugnay ang mga talata ng Kasulatan at mga pahayag o babala na ipinagsisigawan ng mga tagasunod ni Jesus para sa mga mga Judio, hindi natin pipilitin ang mga salita ng hula na matupad sa kasalukuyang panahon.

Suriin natin ang mga halimbawa ng mga hula na itinakda para sa mga orihinal na tagapakinig nito:

***Malapit na Paghahari ng Diyos.*** Sina Juan Bautista at Jesu-Cristo ay buong tapang na nangaral [nagpropesiya] sa mga Judio na ang Kaharian ng Diyos ay *"malapit na"* (Mateo 3:2, 4:17). Ang pahayag na ito ay hindi para sa kasalukuyang panahon. Dahil kung malapit na sa panahon nila ang Paghahari ng Diyos, ito ay abot-kamay na nila.

Kaya, nang sabihin ni Jesus, *"Dumating na ang takdang panahon! Malapit na ang paghahari ng Dios"* (Marcos 1:15), ang ibig niyang sabihin ay dumating na sa kanila ang Hari ng Israel at ang Kalooban ng Diyos ay nagaganap na sa kanilang harapan.

***Ang Gabi ay Malalim, ang Araw ay Malapit Na.*** Tila hiniram ni Pablo ang Roma 13:12 sa pahayag ni Zacarias:

*Lucas 1:78-78 ASND*
*Tulad ng pagsikat ng araw, ipapadala niya sa atin ang Tagapagligtas*
*upang maliwanagan ang mga taong nasa kadiliman at takot sa kamatayan.*

Ang pagsikat ng araw ay iniuugnay sa 'Panahon ng Kaligtasan' ( 2 Corinto 6:2) dahil ito ay panahon ng pagbangon o paggising mula sa pagkakahimbing sa 'Dating Kalagayan' nila ng pagkaalipin sa Judaismo at mga kultura ng mga Romano. Ibig sabihin, ang Pahayag ni Jesus ay totoo at ang mga tagasunod niya na bukas ang mga mata [isip] para rito ay mulat na sa katotohanan. Ika nga ni Pablo: *"Sapagkat mas malapit na ngayon ang oras ng ating kaligtasan kaysa noong una"* (Roma 13:11). Pansinin na lumingon si Pablo sa panahon *"nang sila ay unang sumampalataya"* [nakaraan], tumingin din sa kanilang kasalukuyang panahon [ang "ngayon" nila], at umasa sa kanilang darating na kaligtasan sa tinatawag nilang 'Araw ni Cristo' [sa kanilang malapit na hinaharap].

***Magsitakas sa Poot na Darating.*** Mula sa panahon ng pangangaral ni Juan Bautista tungkol sa Kaharian ng Diyos hanggang sa mga araw ng pagbabahagi ng Ebanghelyo ng mga apostol bago sakupin ang Jerusalem ng mga Zelote at mga Romano, ang panawagan na *"magsitakas sa poot"* ay naaangkop pa rin (Mateo 3:7-10).

At tignan natin kung kailan ito nararapat ayon sa sinabi ni Juan Bautista:

*Mateo 3:10 ASND*
*Tandaan ninyo, ngayon pa lang ay nakaamba na ang palakol para putulin ang mga puno.*
*Ang mga punong hindi namumunga ng mabuting bunga ay puputulin at itatapon sa apoy.*

Ang pagkagamit ng *"ngayon pa lang ay nakaamba na ang palakol"* ay nangangahulugang napapanahon na ang babala ni Juan Bautista para sa mga Fariseo at Saduceo. Sa kanyang sariling pagpapahayag na wika ay nagpapaalala ito ng isang paghatol na malapit nang dumating.

Na ang babala ni Juan Bautista ay tumutugma rin sa babala ni Jesus na *"ang mga nasa Judea ay dapat nang tumakas papunta sa kabundukan"* (Mateo 24:16). Dahil ang mga Judio na nasa Judea noon ay kinakailangang maghanda sa digmaan na paparating ay pinagsabihan na silang *"magsitakas sa poot"* bago pa mangyari ang pagkawasak ng Jerusalem.

Na ang babala na "tumakas" ay nakatali sa "galit na darating" sa henerasyong iyon ay pinipigilan din tayo nito na gamitin ang mga salitang iyon para sa panahon natin.

***Malapit na ang Katapusan ng Mundo.*** Ang babala ni Apostol Pedro (1 Pedro 4:7) tungkol sa 'Katapusan ng Mundo' ay naangkop sa realidad ng kanilang panahon dahil ang paghihimagsik ng

mga Zelote at iba pang grupo ng mga Judio laban sa mga Herodes, Sanhedrin, at mga Romanong mapaniil ay nagdulot ng digmaan hanggang sa 'Wakas ng Panahon' ng Templo sa Jerusalem.

Ang 'Katapusan ng Mundo' na iyon ay hindi tungkol sa 1) katapusan ng daigdig at 2) katapusan ng sangkatauhan. Ito ay tungkol sa 'Katapusan ng Mga Panahon' ng mga Herodes at Sanhedrin sa Judea-Israel noong 70 AD.

***Hindi Na Magtatagal ang Panahon.*** Sa 'Kaganapan ng Lahat' ang binibigyan ng pansin ay ang mga katuparan ng mga tipan at ipinangakong layunin ng Diyos sa mga Judio. Kaya kapag sinabing 'Hindi Na Magtatagal ang Panahon' (Pahayag 10:6), ang ipinapahiwatig ay 'Wala Nang Pagkaantala' o 'Wala nang paghihintay!'

Tinitiyak sa mga tagasunod ni Jesus na ang mga hula o propesiya na galing sa Diyos ay para sa isang takdang panahon. Gaya sa sinabi ng Panginoon kay Habakuk, *"Kahit magtagal nang kaunti, hintayin mo lang, dahil tiyak na mangyayari ito sa takdang panahon"* (Habakuk 2:3).

Ang paghihintay na ginagawa ng mga Judio na nakay Cristo Jesus ay pagkakataon naman para paalalahanan nila ang mga kababayan nilang naghihimagsik laban sa Roma na may kahihinatnang masama ang kanilang pag-aalsa.

Ang pagdating ng 'Takdang Panahon' na ito ay kasabay ng 'Kaganapan ng Lahat' kung saan ipinapahiwatig sa mga tagasunod ni Jesus na tiyak na darating ang 'Panahon ng Pagbabago' ngunit magkakaroon muna ng pagtatapos ang 'Dating Kalagayan'.

# MGA BINAGO

*Pahayag 21:5 ASND*
*At sinabi ng nakaupo sa trono, "Binabago ko na ngayon ang lahat ng bagay!" At sinabi niya sa akin, "Isulat mo ang sinasabi ko dahil totoo ito at maaasahan."*

Nang ipahayag ang nakasaad sa talatang ito tungkol sa 'Mga Binabago' ay nabanggit ang isang partikular na pagkakataon dahil sa salitang ginamit na "ngayon" [kasalukuyang-panahon ng nagsasalita]. Kaya ang gagamitin natin ay **'Mga Binago'** dahil, ayon din sa nagsasalita, *"Naganap na ang lahat!"* (Pahayag 21:6).

## NAGANAP NA ANG LAHAT!

*"Tapos na!"* Pinagtibay ni Jesus na ang kanyang sinimulang 'Pagbabago' ay natupad na. Nabanggit din ito sa pagtatapos ng 'Poot ng Diyos' sa Pahayag 16:17. Na ang ibig sabihin ng pagbabalik-tanaw sa mga pagbabagong ginawa ay kinumpirma niya na *"Tapos na ang lahat ngayon. nagawa ko na."*

Hindi na kailangang maghintay pa dahil naganap na, nangyari na ang mga pagbabago. Kaya para sa ating mga nag-aabang pa tungkol sa kung ano pa ang mga hindi pa natupad na mga hula o propesiya ay makinig tayong mabuti kay Jesus na nagsabing *"Naganap na ang lahat!"*

Kaya tigilan na natin ang lahat ng pagtatangka na tawaging "propesiyang di-natutupad" ang mga talatang nakasulat tungkol sa mga Pahayag ni Jesus o sa mga babala ng mga apostol na may kinalaman sa 'Kaganapan ng Lahat' sa Judea-Israel. Ang tanging magagawa natin ngayon ay aralin ang 'Mga Binago' o 'Mga Pinalitan' upang makapagpatuloy tayo sa paglago sa pananampalataya, karunungan, at mabuting mga gawa.

***Dating Kalagayan sa Unang Langit at Unang Lupa ay Lumipas Na.*** Ang 'Dating Kalagayan' ng mga Judio na naglilingkod sa Templo ng Jerusalem, kasama ang lumang sistema ng kaparian at Kautusan sa loob ng 'Kasunduan ng Diyos kay Moises' ay pinalitan na (Hebreo 7:12).

Kung maaalala ninyo ang mga Israelita ay naniniwala na nasa Templo ang 'Presensya ng Panginoon' at nasa 'Langit' ang kanyang trono (Salmo 11:4). Ibig sabihin, para sa kanila, ang Templo ay 'Langit' din.

Kapag binabanggit ang 'Langit' ng mga Judio, tinutukoy nila minsan ang estado ng mga namumuno at makapangyarihan sa Sanhedrin at mga sinagoga. Ang puwesto ng mga namamahalang pari at mga guro o tagapagturo ng 'Kautusan ni Moises' ay tinatawag nilang "kalangitan" sa kanilang lipunan. Dahil hindi nila kinikilala ang pangalan at kapangyarihan ni

Jesu-Cristo ay tinawag ni Pablo silang *"masasamang espiritu sa himpapawid"* o *"espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan"* (Efeso 6:12 ABTAG).

> *Efeso 6:12 ASND*
> *Sapagkat ang kalaban natin ay hindi mga tao kundi masasamang espiritu sa himpapawid – mga pinuno, may kapangyarihan at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa mundong ito.*

Kaya, ang 'Langit' na naging "kadiliman" ay katumbas ng mga kaparian sa Pangalawang Templo, pati mga guro sa mga sinagoga sa ilalim ng 'Dating Kasunduan' ng Mosaismo. Ang "kadilimang" iyon ay ang kasamaan [masasamang mga turo at mga gawa] ng mga pinuno na bumubulag sa mga nasa 'Lupa' [mga ordinaryong Judio]. Na ang mga doktrina at paraan ng mga Fariseo at mga Saduceo ay nakalalason sa pag-iisip ng mga taong nahikayat. Sila ang mga napahamak sa 'Takdang Panahon' ng pagkahulog ng Jerusalem noong 70 AD (Mateo 3:7, 16:11-12, 23:15).

Tinatawag naman na 'Unang Lupa' ang mga ordinaryong Judio na walang sariling apelyido. Tila wala silang karangalan dahil dinadala lamang nila ang mga pangalan ng mga may katungkulan o kapangyarihan sa Templo o sa mga sinagoga.

Noong una pa man ay tinatawag lamang ang mga Judio sa unang pangalan nila na dinurugtungan ng unang pangalan ng kanilang ama [Hal. David na anak ni Jesse, Simon na anak ni Juan] o ninunong lalaki [Hal. Jesus na anak ni David]. Nalimot ang panahon na dala ang pangalan ng kanilang Diyos gaya sa Samuel, Daniel at Israel.

Ngunit nang dumating ang 'Takdang Panahon' ay nagbago ito dahil ang mga Judio at mga Gentil na nabautismuhan na sa 'pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu' ay dala rin nila ang pangalan ni Jesus (Mateo 28:19; Mga Gawa 2:38). Kaya tinatawag din sila na 'Nakay Cristo' o 'Iglesya ni Cristo'.

Dahil sa mga pag-uusig na dinaranas ng mga tagasunod ni Jesus sa 'Lupa' ay naging hamon sa kanila ito at ang sinomang nagtagumpay ay nagkakaroon ng 'Bagong Pangalan' at wala na ang lumang pagkakakilala sa kanila sa 'Dating Kalagayan' (Pahayag 2:17).

***Dating Templo ng Jerusalem Pinalitan ng Templo ni Jesus.*** Sa 'Dating Kasunduan', ang Templo ay isang pisikal na gusali kung saan nararanasan ang Presensya ng Dios. Sa 'Bagong Kasunduan', sa halip na magkaroon ng Templong bato, ang Banal na Espiritu ay nananahan na sa mga tao (2 Corinto 6:16).

Nang si Jesus ay nahayag sa Israel sa ilalim ng Kautusan, ang 'Dating Kasunduan' ay handa nang maglaho (Hebreo 8:13). Ngunit naniniwala pa rin ang mga Judio na sa Jerusalem ang lugar kung saan dapat sumamba ang mga tao (Juan 4:20). Hindi sumang-ayon si Jesus dahil alam niya na darating ang panahon na hindi na sa bundok o sa Jerusalem sasambahin ang Diyos (Juan 4:21).

Nabanggit din sa Juan 2:19-21 ang tungkol sa paggiba ng Templo pagkatapos na itaboy ni Jesus ang mga nagtitinda at nagpapalitan ng mga pera roon. Kung naunawaan ng mga Judio na inilalayo sila ni Jesus mula sa kalapastanganan sa kanilang Templo ay malalayo sila sa parating na pagkawasak nito. Ngunit kahit ginawa na niyang baguhin ang kanilang pag-iisip nang sabihin niya na ang katawan niya ang Templo ng Diyos na sisirain at itatayo sa tatlong araw ay nakatuon pa rin sila sa Templo ni Herodes na gigibain. Hindi naiintindihan ng mga Judio na, sa simula pa, hindi na tumatahan ang Diyos sa mga templong ginawa ng mga kamay ng tao.

Tignan din ang pahayag ni Pablo sa mga nasa Atenas:

*Mga Gawa 17:24*
*Siya ang lumikha ng mundo at ng lahat ng narito. Siya ang Panginoong nagmamay-ari ng langit at lupa, kaya hindi siya nakatira sa mga templo na ginawa ng mga tao.*

Napakahalaga nitong talata dahil ang Presensya ng Diyos na nasa langit at lupa ay hindi kailanman makukulong sa 'Dating Templo' na gawa ng mga tao. Ang mga tagasunod ni Jesus, na tinatawag ding 'Katawan ni Cristo' at 'Iglesya' ay naging isang 'Bagong Templo' na nakakaranas ng Presensya ng Diyos tuwing nagtitipon (Mateo 18:20; 1 Corinto 12:27; Efeso 2:19-22).

***Dating Kasunduan kay Moises ay Lumipas Na.*** Ang 'Dating Kasunduan' ng Diyos para sa mga Israelita/Judio na ibinigay kay Moises [Mosaismo] ay pinawalang-bisa na.

*Hebreo 8:13 ASND*
*Nang sabihin ng Dios na may bago nang kasunduan, malinaw na pinawalang-bisa na niya ang nauna, at ang anumang wala nang bisa at luma na ay mawawala na lamang.*

Dumating ang panahon ng 'Bagong Kasunduan' kay Jesus at ang lahat ng mga bagay sa 'Dating Kasunduan' ay wala nang halaga para kay Pablo. Anumang bagay sa 'Dating Kasunduan' kay Moises ay 'Lumipas Na' at nakatitiyak si Pablo na ang kaluwalhatian ng Kautusan at ng kanyang dispensasyon ay kumupas na at dapat nang alisin.. Ang Batas ni Moises na na nagdudulot ng kamatayan ay luma na at wala nang kapangyarihan (2 Corinto 3:7).

Kaya, ang ningning ng 'Bagong Kasunduan' kay Jesus ay nalampasan na ang ningning ng Mosaismo at lalago pa magpakailanman.

***Dating Pagkapari ng Mga Levita Pinalitan ni Jesus.*** Sa pamamagitan ng utos ng Diyos, ang 'Dating Pagkapari' ng mga Levita at ang 'Kautusan kay Moises' ay magkasamang pinawalan ng bisa (Hebreo 7:12). Ang mga nagpatuloy sa 'Dating Pagkapari' at mga gawain nito ay inalisan ni Jesus ng kapangyarihan, ikinalat ang mga tao na kumapit dito hanggang gibain ang Templo at lungsod ng Jerusalem, kung kaya't ang lahat ng mga plano at pagsisikap ng mga Judio, mga Judaizero o mga apostatang Kristiyano na ayusin o ibalik ito sa 'Dating Kalagayan' ay hindi naging epektibo hanggang sa araw na ito. Mula nang wasakin ang Templo sa Jerusalem, ang araw-araw na paghahain o sakripisyo ay tumigil na.

Tinapos ni Cristo Jesus ang 'Dating Pagkapari' na mula kay Aaron na itinatag sa lipi ni Levi dahil hindi nito kayang gawing perpekto ang mga pari o ang mga mananambang Judio.

Pinatunayan niya na ang 'Dating Pagkapari' ay di-sakdal dahil kailangan ng 'Bagong Pagkapari' na mula kay Melkizedek (Hebreo 7:11).

***Dating Jerusalem Pinalitan ng Bagong Jerusalem.*** Mula sa pananaw ng mga tagasunod ni Jesus tungkol sa paghuhukom noong unang siglo ay ipinapakita rin kung paano gagamitin ng Diyos ang pagbagsak ng mga Judio o ang pagkawasak ng Jerusalem bilang isang pagkakataon para ipaabot pa rin ang kanyang awa at pagmamahal sa kanyang piniling bayan o lungsod pati na rin sa ibang bansa. Higit sa punto, kahit nasa digmaan pa ang Judea-Israel laban sa Roma at ang mga mamamayan nito ay wala nang panahon pa para sa panganganak, ngunit magluluwalal pa rin ng 'Bagong Bansa' ang "pagkapatay" [pagkabaog] nito — ang 'Bagong Jerusalem'; kasabay din nito ang pagbibigay-buhay ng Diyos sa mga Gentil (Isaias 66:8; Galacia 3:22).

Kailan ba nagsimulang makilala ang 'Bagong Jerusalem' sa Judea-Israel (Pahayag 21:2)?

Inilagay na ni Juan Bautista ang kanyang sarili bilang isang *"abay na lalaki"* sa tabi ng Mesiyas noong unang pagdating niya sa Judea para sa kanyang pakikipagtipan. Ipinahayag ni Juan Bautista na siya mismo ang abay ni Jesus, *"ang lalaking ikakasal"* (Juan 3:29). Sa 'Bagong Tipan' naman, sa panahon na ni Apostol Pablo, ang 'Iglesya' na ang *"babaeng asawa"* ni Cristo Jesus (Efeso 5:24). At ang 'Bagong Jerusalem' naman ay tinawag din na ang "*babaing kasintahan, ang asawa ng Cordero"* (Pahayag 21:9). Sa madaling salita, sa 'Mga Huling Araw' ng Judea-Israel, ang relasyon ng 'Iglesya' kay Jesus ay kagaya sa relasyon niya sa 'Bagong Jerusalem' dahil ang 'Iglesya' at 'Bagong Jerusalem' mismo ay ang 'Iglesya ng Jerusalem' na binigyan ng 'Biyaya ng Banal na Espiritu' (Mga Gawa 1:1-5; Efeso 5:31-32).

Ang 'Iglesya ng Jerusalem' ay inihanda muna sa ilang para sa kanilang kasal ni Jesus at ang kanilang pagsasama ay literal na naganap sa ilang (Pahayag 12:6, 14). Sa 3 ½ na taon ng ministeryo ni Jesus, karamihan ng panahon niya ay nasa ilang siya. Doon ay nagpupulong siya at nagpapakain ng libu-libong nagugutom na mga tao na sumusunod sa kanya. At kung minsan ang kanyang presensya ay nakikitang umaakyat sa Bundok ng mga Olibo na nagpapaalala sa kanila ng mga pangyayari noon nang ang kampo ng Israel ay nasa disyerto ng Sinai sa harap ng Presensya ng Diyos sa may bundok nito (Mateo 4:1, 14:13; Marcos 6:31-44; Lucas 4:42, 9:10-12; Juan 6; Exodo 19). Napansin ba ninyo na ang "komunyon" na ito sa Diyos sa labas ng alinmang Templo na gawa ng tao o lugar ng pagsamba ay mismong sinabi ni Jesus?

*Juan 4:21 ASND*
*Sinabi ni Jesus sa kanya, "Maniwala ka sa akin; darating ang panahon na hindi na kayo sasamba sa Ama sa bundok na ito o sa Jerusalem.*

Walang pag-aalinlangan noon na si Jesus at ang mga tagasunod niya ay nagkikita sa ilang, ibig sabihin, palayo sa mga templo o lugar ng pagsamba, para sa isang malayang pagsasama.

Kaya, ang 'Dating Jerusalem' kung saan ang Templo nito ay eksklusibong lugar ng pagsamba ay pinalitan nang isang 'Bagong Jerusalem' na malayang nakapagpapahayag ng Ebanghelyo ng Kaharian ng Diyos mula sa lungsod nito *"hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo"* ng Imperyong Romano (Mga Gawa 1:8).

***Ang Araw at Buwan ay Hinigitan ng Kaluwalhatian ng Diyos.*** 'Sa Pagbabago', sinabi na *"Hindi na kailangan ang araw o ang buwan sa lungsod"* (Pahayag 21:23), na ang 'Bagong Jerusalem' ay hindi na mangangailangan ng kanilang ningning o liwanag. Pansinin na wala sa mga talatang ito ang aktwal na nagsasabi na wala nang araw o buwan. Ibig sabihin, hinigitan ng ng kaluwalhatian ng Diyos ang araw at ang buwan.

Sa Genesis 1:14, sinabi ng Diyos na ang mga tanglaw sa kalawakan ay magsisilbing mga palatandaan ng mga panahon. Noong una pa man, ang mga Israelita o Judio ay nangangailangan nang 'Mga Tanda' (1 Corinto 1:22).

Kahit na ang 'Bagong Jerusalem' na tinawag ding *"isang babaeng nadaramitan ng araw at nakatuntong sa buwan,"* na ang ibig sabihin ng "binalot ng liwanag" ay nadamitan ng kadakilaan at karangalan ay isa pa ring dakilang tanda (Pahayag 12:1; Salmo 104:1-2). Ngunit binago rin iyon, dumating ang panahon na ang ningning ng 'Bagong Jerusalem' mismo ay tila naglaho sa pagdating ng isa pang tanda—ang 'Malaking Pulang Dragon' na walang iba kundi ang mga Emperador ng Roma na sumasakop sa mga hayop na mga Herodes. Na sa panahong iyon, ang 'Mga Dragon' at 'Mga Halimaw' ay mga mang-uusig ng mga 'Kristiyanong Judio' na *"nagsisilbing ilaw sa mundo"* (Mateo 5:14).

Kaya, ang di-pagsikat o pagdilim ng araw, buwan at mga bituin ay iniuugnay din sa pagpatay kay Jesus at sa mga tagasunod niya, sa pagkawasak ng mga kaaway ng Diyos o mga kaharian gaya ng Juda, sinaunang Babilonia at mala-Babiloniang Jerusalem (Lucas 23:44-45; Isaias 13:9-11; Jeremias 4:23-26; Pahayag 6:12-17).

Na sa 'Pagbabago', ang Diyos at si Jesus lamang ang kaluwalhatian ng lahat (Pahayag 21:23).

***Ang Dagat ay Wala Na.*** Sa isip ng mga Israelita o Judio noon na mga hindi naglalayag, ang 'Dagat' ay isang lugar ng kadiliman, kaguluhan, at pagkawasak. Ang 'Mga Tubig' naman ay *"ang mga tao sa iba't ibang lahi, bansa at wika"* (Josue 24:7; Ezekiel 32:2; Pahayag 16:3).

Kaya, sa panahon na 'Naglaho na Ang Dagat' (Pahayag 21:1), ang ibig sabihin lamang ay tapos na ang mga kaguluhan o digmaan ng iba't ibang sekta at lahi. Ang digmaan ng mga Judio at Romano sa Jerusalem ay nagsimula noong 66 AD sa mga protesta laban sa pangongolekta ng buwis ng Roma at nang ang isang Judiong gobernador ang nanguna sa pag-atake sa isang kampo ng mga Romano bilang pagganti sa kinuha na kayamanan ng Templo ng Romanong prokurador na si Gesyus Florus dahil sa utos ni Nero Cesar at ang pagpatay sa mga Judio na kumalaban sa kanila. Natapos ang unang digmaan sa pagkawasak ng lungsod ng Jerusalem at Templo nito noong 70 AD. Ngunit umabot pa hanggang sa pangalawang himagsikan noong 132-135 AD nang makamtan ng mga Judio ang panandaliang kalayaan sa pangunguna ng ipinakilalang Mesiyas na si Bar Kokba. Ang kanyang pag-aalsa ay natapos sa kanyang pagkamatay at lubos na dinurog ng hukbo ng Romanong Emperador na si Hadrian. Ang mga pangalan ng 'Judaea' at 'Israel' ay tinanggal din at pinalitan ng pangalang 'Syria Palestina' bilang opisyal na pagsama ng Judea at Galilea sa Imperyo ng Roma. Pati na ang pagbabawal sa mga natirang Judio na makapasok doon ay naging balita pagkatapos ng mga digmaan.

***Dating Nilalang Pinalitan ng Bagong Nilalang.*** Ang paglitaw ng 'Bagong Nilalang' bago pa nangyari ang 'Malaking Kapighatian' ng mga Judio sa 'Mga Huling Araw' ay tumutukoy sa 'Mga Anak ng Diyos' na gaya ni Jesus ay nabautismuhan at napuspos ng Banal na Espiritu. Ang ibig sabihin nito ay nahugasan ng Salita ng Diyos at Katotohanan (Efeso 5:26; Santiago 1:18).

Maaari rin itong mangahulugan na ang 'Dating Israel sa Laman' ay isinilang na muli; sa madaling salita, binanggit ni Jesus ang tungkol sa 'Pagbabagong-Buhay' nito (Mateo 19:28; Juan 3:6-7; Tito 3:5). Na ang 'Bagong Israel ng Diyos' ay hindi na dahil sa pagtutuli o di-pagtutuli — dahil wala nang pagkakaiba ang Judio sa di-Judio (Roma 10:12; Galacia 6:15-16).

# KONKLUSYON

*Isaias 9:1 ASND*
*...Pero darating ang araw na pararangalan niya ang mga lugar na ito na daanan patungo sa lawa at nasa kabila ng Ilog ng Jordan. Ang mga lugar na ito'y sakop ng Galilea at tinitirhan ng mga hindi Judio.*

Ang Galilea ay matatagpuan sa Hilagang Israel na sinakop noon ng mga taga-Asiria na nagdala roon ng iba't ibang mga lahi na nakipag-asawa sa mga Judio at, sa panahon ni Jesus, ito ay naging bahagi ng Imperyo ng Roma. Kaya tama ang talata sa Isaias 9:1, na ang Galilea'y *"tinitirhan ng mga hindi Judio"* na kilala rin sa bansag na 'Mga Gentil'.

Karamihan sa pampublikong ministeryo ni Jesus ay naganap sa Galilea, kaya siya ay madalas na tinatawag na Jesus ng Galilea o Jesus ng Nazaret. Doon unang tinawag niya ang kanyang mga disipulo. Doon din nagsimula ang "liwanag" [Pahayag ng Kaligtasan] para sa mga Gentil at ang pangangaral ng nalalapit na 'Paghahari ng Diyos' sa Israel tungo sa 'Pagbabagong-Buhay' at 'Pagbabagong-Lahi' (Mateo 4:16-17; Lucas 2:32; Mga Gawa 26:23, 28:28; Galacia 6:15-16).

Maniwala ka man o hindi, ang mga Judio ay walang pagtingin sa lugar ng mga Gentil. Hindi rin sila naniniwala na manggagaling ang Mesiyas sa Galilea (Juan 7:41). Ang tanging pinaniniwalaan nila ay ang pagpili sa Zion o Jerusalem bilang magpakailanmang tahanan ng Panginoon nilang si Yahweh (Salmo 132:13-14).

Ngunit nagpunta si Jesus sa pinakahinamak na bahagi ng bansa ng mga Judio, sa Galilea, kung saan unang ipinahayag ang 'Ebanghelyo ng Kapayapaan' dahil *"walang pinapaboran ang Dios... at kahit ano ang lahi niya'y tatanggapin siya."* Hindi lamang iyon, doon din unang ipinahayag ang pagiging 'Panginoon ng Lahat' ni Jesus (Mga Gawa 10:34-37).

Dahil *"marami ang namangha"* sa turo at kapangyarihan ni Jesus na hindi katulad ng mga nakasanayang masaksihan ng mga tao sa mga sinagoga ay *"mabilis na kumalat ang balita tungkol [sa kanya] sa buong Galilea"* at sa buong Judea (Marcos 1:22, 28; Mga Gawa 10:37).

Kung marami ang namangha kay Jesus, may mga nagduda rin, nagalit, tumanggi at nagnais pa na pumatay sa kanya dahil sa kanyang mga pahayag (Mateo 20:17-19; Lucas 4:28-29; Juan 7:1-8).

Ang dalawang higit na prominenteng mensahe ni Jesus sa kanyang mga tagasunod ay ang pag-asa ng kanyang maluwalhating pagbabalik upang hatulan ang 'Dating Kalagayan' ng mga Judio sa sistema ng mga Herodes at mga Emperador ng Roma sa Judea-Israel at para pasinayaan ang 'Pagbabago'. Hindi nagustuhan ng mga pinuno sa Jerusalem ang tungkol sa 'Paghahatol' na

nabalitaan nila dahil ang tinutukoy mismo ay ang pagkawasak ng kanilang lungsod at Templo (Marcos 13:1-2).

Gayunpaman, alam natin na noong 70 AD — kahit pa pinatay ng magkakamping pwersa ng mga Judio at Romano si Jesus pagkatapos niyang ipahayag ang lahat — sinamsam ng Roma ang Jerusalem at winasak ito. 97,000 na bihag, 1,100,000 ang pinatay, karamihan sa kanila ay hindi mga mamamayan ng Jerusalem ngunit naparoon para sa Pista ng Paskuwa. Maaaring may hanggang 3 milyong tao sa lungsod noon sa pagsisimula ng digmaan.

Pagkalipas ng 60 taon, naganap ang kumpletong pagpuksa sa Jerusalem at sa karamihan ng teritoryo ng Israel ng Romanong Emperador na si Hadrian. Sa taong 135 AD, higit sa 1,000 na lungsod at nayon ang ganap na nawasak, kasama ang humigit-kumulang 600,000 Judio na mga pinatay. Ang Mosaismo at ang pagtutuli ay ipinagbawal na, sinunog pa ang mga sagradong kasulatan.

Upang burahin ang anumang alaala ng Judea at Jerusalem, pinalitan ni Emperador Hadrian ang pangalan ng lupain ng mga Judio at ito'y naging 'Syria Palestina'. Pinalitan din niya ng pangalan ng Jerusalem at ginawang 'Aelia Capitolina' bilang parangal sa pamilya niya at sa isang burol na nakatuon sa Romanong diosdiosan na si Jupiter. Ang mga natirang Judio ay mahigpit na pinagbawalang pumasok sa kanilang dating kabisera, maliban sa isang beses sa isang taon para gunitain ang pagkawasak ng Templo.

Sa pagitan ng 70 at 135 AD, ang bawat bato ng Templo ay giniba at itinapon pababa ng mga sundalong Romano. Lumipas na ang 'Mga Dating Bagay' na may kaugnayan sa Jerusalem at ang mga pahayag ni Jesus sa mga taga-Galilea tungkol sa 'Panahon ng Pagbabago' ay naganap ding lahat.

'Sa Pagbabago', ang pananampalataya ng mga taga-Galilea at pagbangon tungo sa kalayaan ay pinarangalan at kinilala bilang Kristiyanismo.

*** WAKAS ***

# APENDISE 1: SA PASIMULA




Ang Hardin ng Eden ay inilagay sa Silangan para sa isang dahilan, na kung paano rin ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili bilang Buhay na Diyos. Ngunit nasaan ito? Saan matatagpuan ang Hardin ng Eden?

Bumisita na sa Internet Archive at i-download na ang inyong libreng pdf copy:

https://archive.org/details/sa-pasimula-hardin-ng-eden/

# APENDISE 2: SA WAKAS




Gaano mo kadalas naitatanong sa iyong sarili, "Kailan ang katapusan ng mundo?" Mahuhulaan ba natin kung kailan magaganap ang mga huling araw? O, ano ang mangyayari sa sangkatauhan bago iyon?

Para sa mga kasagutan, bumisita na sa Internet Archive at i-download na ang libreng pdf copy:

https://archive.org/details/sa-wakas

# APENDISE 3: A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem




Matuto pa mula sa aking libreng aklat: *A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem*. Magsadya lamang sa Internet Archive para makapag-download ng inyong pdf copy:

https://archive.org/details/ad-70-ang-pagkahulog-ng-jerusalem

AD 70 — Ang Pagbagsak ng Jerusalem, ayon kay Josephus, ay nagdulot ng 1.1 milyong pagkamatay bilang resulta ng gutom at karahasan na ginawa ng tao. Ang mga Judiong nasawi, na nagmula sa ibang mga rehiyon ng Imperyo ng Roma para lamang ipagdiwang ang taunang Paskuwa sa Jerusalem, ay nahuli at napatay sa mga pagkubkob ng mga Romano.

# TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Tim Pagaduan Liwanag ay isang autor na Filipino at iskolar ng kasaysayang pangkultura ng Israel at iba pang mga bansa sa Sinaunang Malapit na Silangan. Siya rin ang may-akda sa *Fulfilled Prophecies* na nagsasalaysay ng mga natupad na propesiya ng mga Judio noong unang-siglo ng Israel. Ito ang nagbigay sa kanya ng pagkilala bilang unang Filipinong may-akda na sumulat ng isang libro tungkol sa mga natupad na eskatolohiya. Nagbigay din siya ng paraan ng pag-unawa sa katuparan ng mga propesiya sa pamamagitan ng mga mata ng orihinal na nilalayong tagapakinig ng mga hula at sa buong paghahayag ng mga misteryo.

**Tuklasin ang iba pang mga akda ni Tim Liwanag**

*Sa Pasimula*
*Sa Wakas*
*Sa Pagbabago*
*AD 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem*
*Fulfilled Prophecies*
*Why Jesus Came To Hell*
*Ultrapowerful Jesus*
*Israel Only?*

**Makipag-ugnayan sa Autor**

Facebook | https://www.facebook.com/tim.liwanag
Quora | https://www.quora.com/profile/Tim-Liwanag
Blog | https://believe-the-bible.blogspot.com/
Smashwords | https://www.smashwords.com/profile/view/timliwanag
Goodreads | https://www.goodreads.com/author/show/13997377.Tim_Liwanag